



Ang Maikling Gabay: Islam para sa mga Nagsisimula

Isang Dalisay na Pampagtuturong Kurikulum
Para sa Bagong Muslim



Ang Maikling Gabay: Islam para sa mga Nagsisimula

Isang Dalisay na Pampagtuturong Kurikulum
Para sa Bagong Muslim



ح) جمعية الدعوة والإرشاد وتوعية الجاليات بالربوة ، 1447 هـ

أصول ، مركز

الوجيز: تعليم صفي للمسلم الجديد باللغة التجالوج. / مركز
أصول - ط 1. - الرياض ، 1447 هـ

124 ص ؛ 21 x 29.7 سم

رقم الإيداع: 1447/6411
ردمك: 978-603-8545-17-1



مركز أصول
Osoul Center
www.osoulcenter.com

- Nagsagawa ang Sentro ng Paghahanda at Pagdidisenyo ng Lathalaing Ito
- Pinapayagan ng Sentro ang Pag-imprinta at ang Paglalathala sa Anumang Kaparaanan Kalakip ng Pagpapanatili ng Pagtukoy sa Pinagkunan at Hindi Pagpapalit ng Nasa Teksto.
- Sa Kalagayan ng Pag-iimprinta, Kinakailangan ang Magpanatili sa mga Pamantayan ng Kalidad na Sinusunod ng Osoul Center.

بِسْمِ اللَّهِ الرَّحْمَنِ الرَّحِيمِ


Sa ngalan ni Allāh, ang Napakamaawain,
ang Maawain

Ang Panimula

Ang papuri ay ukol kay Allāh na nagpatnubay sa atin sa Islām, gumabay sa atin tungo sa mga landas ng kapayapaan, at nagpadala sa atin ng pinakamabuti sa mga tao – basbasan siya ni Allāh at pangalagaan nang maraming pangangalaga. Sa pagpapatuloy, ikinaliligaya namin na maghandog sa iyo ng kurikulum na ito na nagpapakilala sa Totoong Relihiyon, ang Relihiyong Islām, at nagpapaliwanag sa mga pangkaalaman at panggawaing kinakailangan dito upang ito ay maging isang susi para sa iyo sa pag-alam sa Relihiyon mo at isang tagatulong sa pagsasagawa sa mga gawaing pagsamba sa Islām. Inihahandog sa iyo ang kurikulum na ito:

1. Bilang pinaigsing pagpapaliwanag hinggil sa Relihiyong Islām at pinakaprominente sa mga malaking paksa nito.
2. Bilang pangkalahatang pagtingin sa Marangal na Qur'ān at bilang pagpapakahulugan sa mga kahulugan ng ilan sa mga maikling kabanata ng Qur'ān.
3. Bilang pinaigsing pagpapaliwanag sa mga patakaran ng mga kinakailangang pagsamba.
4. Bilang pinaigsing pagpapaliwanag sa pinakaprominente sa mga patakaran ng mga transaksyon, mga kaugalian, at mga kaasalan sa Islām.

Hinati nga ang mga yunit nito alinsunod sa isang planong pang-edukasyon at ibinahagi rito ang mga aralin ng bawat yunit sa habang anim na araw, kalakip ng paglilimita sa yugto ng bawat aralin. Inilabas din ang kurikulum sa paraang pampagtuturo na naglalaman ng isang bilang ng mga aktibidad at mga pagsasanay na nakatutulong sa bagong Muslim sa pagsasaulo ng impormasyon at pag-intindi nito, karagdagan pa sa mga tanong pampagsusuri sa katapusan ng bawat yunit na pampagtuturo upang makaya ng mag-aaral na mataya ang nibel ng pagkaintindi niya sa kurikulum. Naglaman ang kurikulum ng isang bilang ng mga ilustrasyon, na ninanais mula sa mga ito na lumahok sa pagpapahusay sa gawaing pampagtuturo para sa bagong Muslim at pagtulong sa kanya sa pag-intindi ng kurikulum, gaya ng sumusunod:



Tumutukoy ang kulay na ito sa kahalagahan ng impormasyong ito at posibilidad ng pagkakaroon ng tanong na nauugnay rito sa katapusan ng aralin.



Tumutukoy ang kulay na ito sa kahalagahan ng impormasyong ito at posibilidad ng pagkakaroon ng tanong na nauugnay rito sa katapusan ng aralin.

Makipagtalakayan ka!



Tumutukoy ang parapong ito sa paksang pantalakayan sa pagitan ng tagapagturo at estudyante. Naglalayon ang paksa nito ng pagpapalago ng talento sa pag-iisip at paghihinuha na taglay ng estudyante.



Tumutukoy ang tagapagpaalaalang ito sa isang pagpapakahulugan at isang pagpapaliwanag sa isang salitang nasasaad sa teksto.

Pagsasanay



Naglalaman ito ng isang aktibidad na pang-ensayo na nakasalalay sa pag-iisip o paghuhulo o pagsasaulo.

Kaya maligayang pagdating sa iyo sa pang-edukasyong nakasisiyang biyaheng ito!

Ang Planong Pang-edukasyon

Ang Sesyon	Ang mga Parapo	Ang Oras
Ang Unang Araw		
Ang Unang Sesyon	Mga Panimula 1. Pagkikilalahan at mga Pagtawag-pansin 2. Ang mga tanong pangkairalan: Sino tayo? Saan tayo papunta? 3. Ang pagpala ng kapatnubayan	10 Minuto
	Ang Islām 1. Ano ang Islām? 2. Bakit ang Islām? 3. Ang Pagkapanlahat ng Islām 4. Ang Islām ay nagtatakip-sala sa anumang nauna mula sa mga pagkakasala. 5. Ang Islām ay ang Relihiyong Pangwakas 6. Ang Pagkapropeta ni Muḥammad (Sumakanya ang Basbas at ang Pangangalaga) 7. Ang Sukatan ng Pagkakalamangan sa Islām 8. Ang Pag-aaral ng Relihiyon: Ang mga Haligi ng Islām	30 Minuto
	Papaano akong aanib sa Islām? 1. Ang Dalawang Pagsaksi 2. Ang Kahulugan ng Dalawang Pagsaksi 3. Ang mga Obligasyon sa Dalawang Pagsaksi	20 Minuto
Pamamahinga		
Ang Ikalawang Sesyon	Papaano akong magsasagawa ng wuḍū'? (Panggawain)	20 Minuto
	Papaano akong magsasagawa ng ṣalāh? (Panggawain)	20 Minuto
	Ang Pagsasaulo ng Ika-01 Kabanata ng Qur'ān at ang Pag-intindi sa Kahulugan Nito	20 Minuto

Ang Kuwaderno ng Unang Araw



Ang Sesyon	Ang mga Parapo	Ang Oras
Ang Ikalawang Araw		
Ang Ikalawang Sesyon	Ano ang Pananampalataya? Ang mga Haligi ng Pananampalataya: 1. Ang Pananampalataya kay Allāh, 2. Ang Pananampalataya sa mga Anghel, 3. Ang Pananampalataya sa mga Kasulatang Pinababa, 4. Ang Pananampalataya sa mga Sugo, 5. Ang Pananampalataya sa Huling Araw, 6. Ang Pananampalataya sa Pagtatakda. Ang mga Bunga ng Pananampalataya	20 Minuto
	Ang Marangal na Qur'ān 1. Ano ang Qur'ān? 2. Ang Qur'ān ay pagkain ng kaluluwa at isip. 3. Ang Qur'ān ay metodolohiya ng buhay. 4. Ang mga Kasaysayan ng mga Propeta sa Qur'ān.	20 Minuto
	Ang Pagsasaulo ng Ika-112 Kabanata ng Qur'ān at ang Pag-intindi sa Kahulugan Nito	20 Minuto
Pamamahinga		
Ang Ikalawang Sesyon	Ang Pagsamba: 1. Ang Kahulugan ng Pagsamba, 2. Ang mga Kundisyon ng Pagtanggap sa Pagsamba, 3. Ang mga Uri ng Pagsamba.	15 Minuto
	Ang Ṭahārah (Kadalisan) Ang mga Uri ng Ṭahārah 1. Ang Pisikal na Ṭahārah: Ang batayang panuntunan sa mga bagay ay ang kadalisan, ang mga Maruming Bagay, ang Pag-aalis ng Karumihan, ang Pag-ihi at Pagdumi. 2. Ang Espirituwal na Ṭahārah: Ang Pagpawi ng Ḥadath (Kalagayan ng Karumihan), ang Tubig na Ginagamit sa Pagpawi ng Ḥadath.	45 Minuto

Ang Kuwaderno ng Ikalawang Araw



Ang Sesyon	Ang mga Parapo	Ang Oras
Ang Ikatlong Araw		
Ang Unang Sesyon	Papaano akong magsasagawa ng wuḍū'? (Teoriya): 1. Ang Kahulugan ng Wuḍū', 2. Papaano tayong magsasagawa ng wuḍū'?, 3. Ang mga Tagapawalang-bisa ng Wuḍū', 4. Ang mga Tagapag-obliga ng Wuḍū, 5. Ang Paghaplos sa mga Medyas.	40 Minuto
	Ang Pagsasaulo ng Ika-113 Kabanata ng Qur'ān at ang Pag-intindi sa Kahulugan Nito	20 Minuto
Pamamahinga		
Ang Ikalawang Sesyon	Papaano akong magsasagawa ng ghusl? 1. Ang Kahulugan ng Ghusl, 2. Papaano tayong magsasagawa ng ghusl?, 3. Kailan kinakailangan ang ghusl?, 4. Ang Ipinagbabawal na Gawin Para sa Junub, 5. Ang Tayammum.	20 Minuto
	Ang Regla at ang Nifās: 1. Ang mga Uri ng mga Dugong Lumalabas Mula sa Babae, 2. Ang mga Patakaran sa Regla at Nifās.	20 Minuto
	Ang Pagsasaulo ng Ika-114 Kabanata ng Qur'ān at ang Pag-intindi sa Kahulugan Nito	20 Minuto

Ang Kuwaderno ng Ikatlong Araw



Ang Sesyon	Ang mga Parapo	Ang Oras
Ang Ikaapat na Araw		
Ang Unang Sesyon	Ang Pagsasaulo ng Ika-109 Kabanata ng Qur'ān at ang Pag-intindi sa Kahulugan Nito	20 Minuto
	Papaano akong magsasagawa ng ṣalāh? (Teoriya): 1. Ano ang ṣalāh?, 2. Bakit tayo nagsasagawa ng ṣalāh?, 3. Ang Kalagayan ng Ṣalāh, 4. Ang mga Kundisyon ng Ṣalāh, 5. Ang Limang Ṣalāh, 6. Papaano tayong magsasagawa ng ṣalāh?	40 Minuto
Pamamahinga		
Ang Ikalawang Sesyon	Ang Ṣalāh: 1. Ang Pagkumpleto sa Pamamaraan ng Ṣalāh, 2. Ang Ṣalāh sa Biyernes,	60 Minuto

Ang Kuwaderno ng Ikaapat na Araw



Ang Sesyon	Ang mga Parapo	Ang Oras
Ang Ikalimang Araw		
Ang Unang Sesyon	Ang Pagsasaulo ng Ika-108 Kabanata ng Qur'ān at ang Pag-intindi sa Kahulugan Nito	20 Minuto
	Ang Zakāh: 1. Ano ang zakāh? 2. Bakit tayo nagbibigay ng zakāh? 3. Papaano tayong magbibigay ng zakāh?	20 Minuto
	Ang Pag-ayuno: 1. Ano ang pag-aayuno? 2. Bakit tayo nag-aayuno? 3. Ang mga Tagasira ng Pag-aayuno. 4. Sino ang mga pinapayagan sa pagtigil-ayuno sa Ramaḍān?	20 Minuto
	Ang Ḥajj: 1. Ano ang ḥajj? 2. Bakit tayo nagsasagawa ng ḥajj? 3. Sa kanino kinakailangan ang pagsasagawa ng ḥajj?	10 Minuto
Pamamahinga		
Ang Ikalawang Sesyon	Ang Pagsasaulo ng Ika-103 Kabanata ng Qur'ān at ang Pag-intindi sa Kahulugan Nito	20 Minuto
	Ang Kasuutan: 1. Ang Batayang Panuntunan sa Kasuutan, 2. Ang mga Kasuutang Ipinagbabawal,	30 Minuto
	Ang Pagkain at ang Inumin 1. ThAng Batayang Panuntunan sa Pagkain at Inumin, 2. Ang Ipinagbabawal na mga Pagkain at mga Inumin, 3. Ano ang mga kundisyon ng pagkakatay na pang-Shar'ah? 4. Ang mga Patakarán sa mga Karne sa mga Restawran at mga Tindahan.	30 Minuto

Ang Kuwaderno ng Ikalimang Araw



Ang Sesyon	Ang mga Parapo	Ang Oras
Ang Ikaanim na Araw		
Ang Unang Sesyon	Ang Unang Sesyon 1. Ano ang mga transaksyong pampananalapi? 2. Ang batayang panuntunan sa mga transaksyong pampananalapi. 3. Ang mga transaksyong pampananalaping ipinagbabawal.	30 Minuto
	Ang mga Kaasalan 1. Ang mga Kaasalan sa Islām, 2. Ang Kainaman ng Kagandahan ng Kaasalan, 3. Ang mga Larangan ng mga Kaasalan sa Islām,	30 Minuto
Pamamahinga		
Ang Ikalawang Sesyon	Ang Pagrepaso ng mga Naisaulong Kabanata ng Qur'ān	30 Minuto
	Ang Pagrepaso sa Pamamaraan ng Wuḍū' at Pamamaraan ng Pagsasagawa ng Ṣalāh	30 Minuto

Ang
Kuwaderno
ng Ikaanim
na Araw




Ang mga Paksa ng Kurikulum

Ang Unang Yunit

Ang Relihiyong Islām

- | | | |
|---|--|----|
| 1 | Ang Islām at ang mga Pinakamalaking Tanong | 16 |
| 2 | Ano ang Islām? | 20 |
| 3 | Papaano akong aanib sa Islām? | 26 |
| 4 | Ang Pananampalataya | 30 |



Ang Ikalawang Yunit

Ang Marangal na Qur'ān

- | | | |
|---|--|----|
| 1 | Ang Marangal na Qur'ān | 38 |
| 2 | Ang Pagpapakahulugan sa mga Maiikling Kabanata ng Qur'ān | 44 |



Ang Ikatlong Yunit

Ang mga Pagsamba

1	Ang Pagsamba	54
2	Ang Ṭahārah	58
3	Ang Wuḍū'	62
4	Ang Ghusl (Paligo)	68
5	Ang mga Patakarang Natatangi sa Babaing Muslim	72
6	Ang Ṣalāh	76
7	Ang Zakāh	84
8	Ang Pag-ayuno	88
9	Ang Ḥajj	92




Ang Ikaapat na Yunit

Mga Patakarang Islāmiko

1	Ang Kasuutan	100
2	Ang Pagkain at ang Inumin	104
3	Ang mga Transaksiyong Pampananalapi	108
4	Ang mga Kaasalan	112



The image shows two vertical wooden pillars from an Islamic architectural structure. The pillars are covered in detailed carvings. The upper sections feature large, flowing Arabic calligraphy, likely the Basmala (Bismillah). Below the calligraphy are bands of geometric and floral patterns. The lower sections of the pillars also have intricate carvings, including stylized floral and foliate designs. The lighting is dramatic, highlighting the texture and depth of the woodwork against a dark background.

Ang Unang Yunit

Ang Relihiyong Islām



Ang Unang Yunit

- 1 Ang Islām at ang mga Pinakamalaking Tanong
- 2 Ano ang Islām?
- 3 Papaano akong aanib sa Islām?
- 4 Ang Pananampalataya





Ang Unang Aralin

Ang Islām at ang mga Pinakamalaking Tanong

Pauna

Humahalina sa mga tao ang mga tanong na nauugnay sa kairalan ng tao sapagkat nagtatanung-tanong sila tungkol sa reyalidad ng nauukol sa kanila, tungkol sa pinagmulan ng pagdating nila at kadahilanan nito, at tungkol sa pagwawakasan ng nauukol sa kanila. Sumagot nga ang Islām sa mga pagtatanung-tanong na ito ng mga nakasisiyang pagsagot:

Ang Unang Pagtatanung-tanong

Sino tayo?

Nagpapakahulugan ang Islām sa tao na siya ay isang nilikha kabilang sa maraming nilikha ni Allāh (napakataas Siya), na itinangi ni Allāh higit sa marami sa mga nilikha at pinagsilbi para sa kanya ang marami sa mga ito upang ipantulong niya sa pagtupad sa mga tungkulin niyang hinihiling sa kanya sa buong buhay niya. Nagsabi Siya (napakataas Siya): {*Talaga ngang nagparangal Kami sa mga anak ni Adan, nagdala Kami sa kanila sa katihan at karagatan, tumustos Kami sa kanila mula sa mga kaaya-ayang bagay, at nagtangi Kami sa kanila higit sa marami sa nilikha Namin nang [higit na] pagtatangi.*} (Qur'ān 17:70)

Gumawa si Allāh (napakataas Siya) sa tao ng pagkakahawig sa:

- mga anghel sa kadalisan ng mga ito at pagsamba ng mga ito,
- mga demonyo sa pagkakaila ng mga ito at pagsuway ng mga ito,
- at mga hayop sa pagbubusog ng mga ito sa mga kapusukan ng mga ito at mga pagnanasa ng mga ito.

Gumawa si Allāh sa tao ng kahandaan sa kabutihan at ng kahandaan sa kasamaan at nagbigay sa kanya ng ipambubukod niya ng kabutihan sa kasamaan gaya ng naturalesa at isip.

Gumawa si Allāh sa kanya bilang malaya na nakapipili na mananagot sa mga pagpili niya at mga gawa niya.

Ang mga anghel ay mga nilikhang kabilang sa nilikha ni Allāh (napakataas Siya), na nilikha ni Allāh (kamahal-mahalan Siya at kapita-pitagan) mula sa isang liwanag, na mga pinagsilbi, na mga lingkod, na mga pinarangalan, na hindi sumusuway kay Allāh sa ipinag-utos. Niya sa kanila at gumagawa sa ipinag-utos sa kanila. Walang nakaaalam sa bilang nila kundi si Allāh.

Ang Ikalawang Pagtatanung-tanong

Mula saan tayo nanggaling at bakit?

Naglililaw ang Islām na ang pinagmulan ng paglikha sa tao ay mula sa putik. Nilikha ni Allāh mula rito si Adan, ang ama ng sangkatauhan sa kalahatan. Nagsabi Siya (napakataas Siya): {Talaga ngang lumikha Kami ng tao mula sa isang hinango mula sa isang putik.} (Qur'ān 23:12) Ang layon ng paglikha sa taong ito ay ang pagsamba kay Allāh (napakataas Siya) sa kabila ng kawalang-pangangailangan Niya (kaluwalhatian sa Kanya) sa nilikha Niya. Nagsabi Siya (napakataas Siya): {Hindi Ako lumikha ng jinn at tao kundi upang sumamba sila sa Akin.} (Qur'ān 51:56)

Si Adan

Nagkuwento si Allāh sa atin sa Qur'ān ng kasaysayan ng paglikha Niya at kung papaano nagsimula ang demonyo sa pakikipag-away sa Kanya. Tingnan ang pagpapakahulugan sa mga talata 30-39 ng Kabanatang Al-Baqarah.

Makipagtalakayan ka!



Maghambing ka sa pagtingin mo sa kahulugan ng kairalan mo bago ng pagpasok mo sa Islām at matapos nito.

Ang Ikatlong Pagtatanung-tanong

Saan tayo patungo?

Naglinaw ang Marangal na Qur'ān na ang bawat tao ay mamamatay sa Mundong ito. Sa pagkamatay niya, nagwawakas ang yugto ng paggawa at nagsisimula ang yugto ng pagtutuos at pagganti. Nagsabi Siya (napakataas Siya): {Tunay na ikaw ay mamamatay at tunay na sila ay mga mamamatay. Pagkatapos tunay na kayo sa Araw ng Pagbangon sa harap ng Panginoon ninyo ay mag-aalitan.} (Qur'ān 39:30-31)

Kaya kapag namatay ang tao, lilipat siya sa isang yugtong tatanungin siya roon tungkol sa relihiyon niya at gagantihan siya roon sa mga gawa niya. Nagsabi Siya (napakataas Siya): {Bawat kaluluwa ay lalasap ng kamatayan. Lulubus-lubusin lamang kayo sa mga pabuya sa inyo sa Araw ng Pagbangon. Kaya ang sinumang hinango palayo sa Apoy at pinapasok sa Paraiso ay nagtagumpay nga siya. Walang iba ang buhay na pangmundo kundi ang natatamasa ng kahibangan.} (Qur'ān 3:185)

Kaya kapag dumating ang Araw ng Pagbangon, bubuhayin ni Allāh (napakataas Siya) ang mga patay mula sa mga libingan nila para sa pagtutuos at pagganti saka gagantihan ang mga alagad ng pananampalataya ng mga paraiso at gagantihan ang mga alagad ng kawalang-pananampalataya ng mga impiyerno. Nagsabi Siya (napakataas Siya): {Gayon Kami nagkasi sa iyo ng isang Qur'ān na Arabe upang magbabala ka sa Ina ng mga Pamayanan at sinumang nasa paligid nito at magbabala ka [sa mga tao] ng Araw ng Pagtipon nang walang pag-aalinlangan doon. May isang pangkat sa Hardin at may isang pangkat sa Liyab.} (Qur'ān 42:7)



Ang biyaya ng Kapatnubayan

Ang sinumang nakaalam sa kasanhian ng paglikha sa kanya at kahihinatnan na naghihintay sa mga tao sa Araw ng Pagbangon ay makatitiyak na ang pinakadakilang biyayang ibinibiyaya ni Allāh sa mga lingkod Niya ay ang biyaya ng kapatnubayan tungo sa Totoong Relihiyon at maayos na gawa. Dahil doon, nag-obliga si Allāh (kamahal-mahalan Siya at kapita-pitagan) sa mga lingkod Niya sa pagsasagawa ng ṣalāh na humiling sila sa Kanya ng kapatnubayan tungo sa daang tuwid, ang Relihiyong Islām na nagpaparating tungo sa kaluguran ni Allāh (napakataas Siya).



Makipagtalakayan ka!



Ang paglinang ng lupa ay kabilang sa mga papel na isinasagawa ng tao sa buhay niya. Para makapagbigay-kakayahan sa kanya sa pagsasakatuparan sa dakilang tungkuling ito, naghanda nga si Allāh sa kalikasan niya upang ito ay maging nakakakaya sa pagganap sa papel na ito. Magpaliwanag ka kung papaanong maaari para sa tao na luminang sa lupang ito bukod sa lahat ng mga nilikha?

Bumanggit ka ng ilan sa mga epektong praktikal na inireresulta ng pagkakaalam sa kahahantungan ng nilikha matapos ng kamatayan.



Mga Tanong Pampagsusuri

1

Papaanong nagtangi ang Islām sa tao higit sa lahat ng mga nilikha?

2

Ano ang layon ng paglikha sa tao?

3

Bakit nagdetalye ang Qur'ān ng kasaysayan ng simula ng paglikha?

4

Kaya kapag namatay ang tao, lilipat siya sa isang yugtong tatanungin siya roon tungkol sa relihiyon niya at gagantihan siya roon sa mga gawa niya.

☐ Tumpak ☐ Mali

Ang [isa sa] layon ng paglikha sa tao ay ang paglinang ng lupa at ang pagsasaayos dito para mamuhay rito.

☐ Tumpak ☐ Mali

5

Matapos ng pag-aaral mo sa Islāmikong konsepto tungkol sa kairalan ng tao, ilarawan mo ang saklaw ng damdamin mo sa pagkakasang-ayon nito sa panloob na naturalesa mo at pampusong damdamin mo.



Ang Ikalawang Aralin

Ano ang Islām?

Pauna

Ang Islām ay ang Relihiyon na ipinadala ni Allāh dahil dito si Muḥammad (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan). Ito ay karugtong ng inihatid ng mga naunang sugo. Ang pundasyon nito ay nakasalalay [sa paniniwala] na ang Diyos na karapat-dapat sa pagsamba ay nag-iisa, na walang katambal sa Kanya. Siya ay si Allāh (kapita-pitagan Siya at kataas-taasan). Walang tagatulong sa Kanya sa paghahari Niya at walang tagapagpagitna sa pagitan Niya at ng mga lingkod Niya. Subalit bakit kailangan sa akin na yumakap ako sa Islām? Ito kaya ay isang relihiyon para sa mga tao sa kalahatan o natatangi sa mga Arabe? Sino ang propeta nito? Mayroon kayang iba pang propetang darating matapos niya?

Bakit ako aanib sa Islām?

Maaaring magtanung-tanong ang ilan sa mga tao: Bakit kinakailangan sa akin na umanib ako sa Islām?

Ang sagot ay kinakailangan na umanib ako sa Islām dahil sa mga dahilang kabilang sa mga ito ang sumusunod:

Una: Na ang Relihiyong Islām ay ang Relihiyong kinalugdan ni Allāh para sa mga lingkod Niya at hindi tatanggapin mula sa isa man ang relihiyong iba rito. Nagsabi Siya (napakataas Siya): {**Ang sinumang naghahangad ng iba pa sa Islām bilang relihiyon ay hindi ito matatanggap mula sa kanya at siya sa Kabilang-buhay ay kabilang sa mga malulugi.**} (Qurʾān 3:85)

Ikalawa: Na ang Relihiyong Islām ay ang Relihiyon ng mga propeta sa kalahatan, nag-uutos ito ng pananampalataya sa mga propeta sa kalahatan, at hindi ito nagtatangi sa pagitan nila. Nagsabi si Allāh (napakataas Siya): {**Sabihin ninyo: "Sumampalataya kami kay Allāh, sa pinababa sa amin, at sa pinababa kina Abraham, Ismael, Isaac, Jacob, sa mga lipi ng Israel, sa ibinigay kay Moises at kay Jesus, at sa ibinigay sa mga propeta mula sa Panginoon nila. Hindi kami nagtatangi-tangi sa isa kabilang sa kanila. Kami sa Kanya ay mga tagapagpasakop."**} (Qurʾān 2:136) Ang pagkakaiba-iba sa pagitan ng mga propeta ay ang pagkakaiba-iba sa mga patakarang pampagbabatas na nauugnay sa mga gawain ng mga tao, gaya ng sinabi Niya (napakataas Siya): {**Para sa bawat kabilang sa inyo ay gumawa Kami ng isang pagbabatas at isang pamamaraan.**} (Qurʾān 5:48) Ibig sabihin: Gumawa si Allāh para sa bawat isa sa mga kalipunan ng isang [sistemang] batas na magpapahatol sila rito at isang daan na magpapakalapit-loob sila sa Kanya sa pamamagitan nito. Kaya ang bawat [kalipunan ng] mga alagad ng isang kapaniwalaan ay may mga patakarang natatangi sa kanila at mga pagbabatas na nababagay sa kanila. Hinggil naman sa paniniwala, ang paniniwala ng mga propeta ay iisa. Pagkatapos nagpadala si Allāh ng pangwakas sa mga propeta Niya

at mga sugo Niya, si Muḥammad (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan), sapagkat winakasan Niya sa pamamagitan nito ang [pagpapadala ng] mga sugo at winakasan Niya sa pamamagitan ng Batas nito ang mga batas. Kaya naman hindi tatanggapin mula sa isa man ang isang relihiyong iba pa sa Islām.

Ikatlo: Na ang pagpasok sa Islām ay ang landas ng kaligayahan sa Mundo at ang kaligtasan sa Kabilang-buhay sapagkat walang maliligtas sa Kabilang-buhay na isang inabutan ng paanyaya ni Propeta Muḥammad (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) maliban sa sumampalataya sa kanya at sumunod sa kanya. Nagsabi Siya (napakataas Siya): {*Ang sinumang naghahangad ng iba pa sa Islām bilang relihiyon ay hindi ito matatanggap mula sa kanya at siya sa Kabilang-buhay ay kabilang sa mga malulugi.*} (Qurʾān 3:85) Nagsabi naman ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan): {*Sumpa man sa Kanya na ang kaluluwa ni Muḥammad ay nasa kamay Niya, walang nakaririnig hinggil sa akin na isa mula sa kalipunang ito na isang Hudyo ni isang Kristiyano, pagkatapos namatay nang hindi sumampalataya sa ipinasugo sa akin, malibang siya ay magiging kabilang sa mga maninirahan sa Impiyerno.*} (Nagsalaysay nito si Imām Muslim: 153.)

Ikaapat: Na ang Islām ay sumasagot ng mga nakasisiyang sagot sa pinakamalaking mga tanong ko: Bakit dumating ako sa Mundo? Mula saan ako nanggaling? Tungo saan ako pupunta matapos ng kamatayan?

Ikalima: Na ang Islām ay sumasang-ayon sa naturalesa, na nagsisimula sa pinakamalaking pinahahalagahan dito, ang paniniwala sa kaisahan ni Allāh (napakataas Siya) at nagwawakas sa mga magandang asal nito na pumapatnubay tungo sa magandang matuwid na kaasalan.

Makipagtalakayan ka!



Papaanong ang Islām ay Relihiyon ng lahat ng mga propeta?

.....

.....

Kabilang sa mga kakanyahan ng Islām:

Namumukod ang Islām sa nalalabi sa mga relihiyon dahil sa ilang kakanyahan. Ang pinakaprominente sa mga kakanyahang ito ay ang sumusunod:

1 Ang Islām ay relihiyong panlahat

Ang Relihiyong Islām ay hindi natatangi sa mga Arabe; bagkus ito ay ang Relihiyon na kinalugdan ni Allāh (napakataas Siya) para sa sangkatauhan sa kalahatan. Dahil doon, nagsabi si Allāh (napakataas Siya) sa Sugo Niyang si Muḥammad (sumakanya ang basbas at ang pangangalaga): {*Hindi Kami nagsugo sa iyo kundi bilang awa para sa mga nilalang.*} (Qurʾān 21:107) Kaya nga ginawa ni Allāh (kamahal-mahalan Siya at kapita-pitagan) ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) bilang awa para sa mga tao sa kalahatan, na nagpapatnubay sa kanila sa daan ng pananampalataya, at ginawa ang Batas niya bilang pinakamalawak sa mga batas bilang awa sa mga tao.

Katuturan

Gumagalang ang Islām sa mga kaugalian ng mga bansa at mga tradisyon nila at hindi nag-oobliga sa kanila ng pagpapalit sa mga ito malibang kapag sumalungat ang mga ito sa anuman sa mga gawaing pagsamba sa Islām at mga katuruan nito.





2 Ang Islām ay nagtatakip-sala sa anumang naunang mga pagkakasala

Kapag umanib sa Islām ang tao nang tapat, tunay na si Allāh, ang Napakamaawain, ang Maawain, ay magpapatawad sa kanya ng lahat ng mga naunang pagkakasala niya. Ito ay kabilang sa mga kagandahan ng Islām. Nagsabi Siya (napakataas Siya) sa Propeta Niya (basbasan Niya ito at pangalagaan): {**Sabihin mo sa mga tumangging sumampalataya na kung titigil sila ay magpapatawad sa kanila sa anumang nakalipas na**} (Qurʼān 8:38) May dumating sa Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) na isang lalaking nagnanais na umanib sa Islām subalit ito ay nagsakundisyon na patawarin sa anumang naunang kasalanan. Kaya nagbabalita ng nakagagalak dito ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) at nagsabi rito: {Hindi ka ba nakaalam na ang Islām ay nagwawasak ng anumang [kasalanang] bago nito?} Nagtala nito si Imām Muslim, 121.

3 Ang Islām ay ang Relihiyong Pangwakas

Gumawa si Allāh (napakataas Siya) sa Islām bilang karugtong ng mga makalangit na naunang batas at nalugod Siya rito bilang relihiyon para sa mga nilikha sa kalahatan hanggang sa pagsapit ng Huling Sandali. Kaya naman walang natatagpuan sa balat ng lupa na isang relihiyong totoo bukod sa Relihiyong Islām. Nagsabi Siya (napakataas Siya): {**Ang sinumang naghahangad ng iba pa sa Islām bilang relihiyon ay hindi ito matatanggap mula sa kanya at siya sa Kabilang-buhay ay kabilang sa mga malulugi.**} (Qurʼān 3:85).

Makipagtalakayan ka!



Papaano kang tutugon sa sinumang nag-aakala na ang Islām ay isang relihiyong natatangi sa mga Arabe?

.....

.....

.....

.....

.....

.....

.....

.....

.....

.....

Sino ang propeta ng Islām?

Naniniwala ang Muslim na si Muḥammad (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) ay ang pangwakas sa mga propeta na ipinadala ni Allāh sa mga tao para mag-anyaya sa kanila tungo sa pagsamba sa Kanya lamang – wala nang iba pa – at na wala nang propeta matapos niya. Nagsabi si Allāh (napakataas Siya): {Si Muḥammad ay hindi ama ng isa sa mga lalaki ninyo subalit ang Sugo ni Allāh at ang pangwakas sa mga propeta. Laging si Allāh sa bawat bagay ay Maalam.} (Qurʾān 33:40)


Ang Pagkatuto sa Relihiyon

- Ang kinakailangan sa Muslim ay matuto ng nauukol sa Relihiyon niya na kakailanganin niya nang sa gayon sumamba siya sa Panginoon niya batay sa isang kaalaman.
- Naghikayat ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) sa pagpapakaunawa sa Relihiyon sapagkat nagsabi siya: {Ang sinumang pagnanaisan ni Allāh ng isang kabutihan, magpapaunawa Siya rito sa Relihiyon.} Nagtala nito si Imām Al-Bukhārī, 71.
- Nagpabatid ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) na ang paghahanap ng kaalamang pang-Sharīʿah ay isang daan para sa pagpasok sa Paraiso sapagkat nagsabi siya (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan): {Ang sinumang tumahak sa isang daan habang naghahanap doon ng kaalaman, magpapadali si Allāh para sa kanya dahil doon ng isang daan patungo sa Paraiso.} Nagtala nito si Imām Muslim, 2699.

Karagdagang
Pagbabasa



Upang mapag-alaman mo ang higit na marami sa talambuhay ng Sugong si Muḥammad (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan), basahin mo ang aklat na Muḥammad Rasūlullāh (Si Muḥammad, ang Sugo ni Allāh) na matatagpuan sa Osoul Store sa ilang wikang pandaigdigan.



Mag-scan ka sa barcode para sa pag-download ng aklat.



Nariryan ang ilan sa mga aklat na makakaya ng Muslim na matuto mula sa mga ito ng mga patakaran ng Relihiyon niya nang sa gayon sumamba siya sa Panginoon niya batay sa isang pagkatalos. Kailangan sa kanya ang magpatulong sa mga kinauukulan para gumabay sa kanya sa pinakamainam sa mga aklat na ito.

Ang Sukatan ng Pagkakalamangan sa Islām


Naglagay si Allāh (kamahal-mahalan Siya at kapita-pitagan) ng sukatan ng pagkakalamangan sa pagitan ng mga lingkod Niya sa pamamagitan ng pananampalataya at pangingilag magkasala. Kaya naman ang pagkakalamangan sa pagitan ng mga Muslim ay dahil sa lakas ng pananampalataya nila at hindi dahil sa mga anyo nila ni mga kaangkanan nila ni mga kulay nila ni mga yaman nila sapagkat nagsabi Siya (napakataas Siya): {O mga tao, tunay na Kami ay lumikha sa inyo mula sa isang lalaki at isang babae at gumawa sa inyo na mga bansa at mga lipi upang magkakilalahan kayo. Tunay na ang pinakamarangal sa inyo sa ganang kay Allāh ay ang pinakamapangilag magkasala sa inyo. Tunay na si Allāh ay Maalam, Mapagbatid.} (Qur'ān 49:13)

Nagsabi naman ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan): {O mga tao, pansinin, tunay na ang Panginoon ninyo ay nag-iisa at tunay na ang ama ninyo ay nag-iisa. Pansinin, walang kalamangan para sa isang Arabe higit sa isang di-Arabe ni para sa isang di-Arabe higit sa isang Arabe, ni para sa isang pula higit sa isang itim ni para sa isang itim higit sa isang pula, maliban sa pangingilag magkasala.} Nagtala nito si Imām Al-Bayhaqīy sa Shi'b Al-Īmān: 4774.

Ang mga Haligi ng Islām

Ang Relihiyong Islām ay itinayo sa limang haligi.

Kinakailangan sa Muslim na magdasal ng limang ṣalāh sa bawat araw. Darating ang pagpapaliwanag nito.





Mga Tanong Pampagsusuri

1

Matapos ng panonood mo ng video clip na “Ang Bagong Buhay ng Muslim” ay magsalita ka tungkol sa higit na nakahatak sa iyo sa Islām.



Mag-scan ka sa barcode para mapanood ang video clip.

2

Ano ang mga batayan ng Relihiyon na kinakailangan sa Muslim na matutunan nang sa gayon sumamba siya kay Allāh (napakataas Siya) gaya ng ipinag-utos sa kanya?

3

Naglalaman ang Relihiyong Islām ng mga katuruan:

- ☐ Pangkaasalan
- ☐ Pangkaalaman
- ☐ Panggawain
- ☐ Lahat ng naunang nabanggit

Ang bilang ng mga haligi ng Islām ay:

- ☐ 6
- ☐ 5
- ☐ 4
- ☐ 3

4

Matapos ng pagtutuon ni Allāh sa tao sa pagpasok sa Islām, tunay na kinakailangan sa kanya ang matuto ng mga batayan ng Relihiyon na magbibigay-kakayahan sa kanya sa pagsamba kay Allāh.

- ☐ Tumpak
- ☐ Mali



Ang Ikatlong Aralin

Papaano akong aanib sa Islām?

Pauna

Ang pinakamadalas sa mga sandali na hindi nakalilimutan ng bagong Muslim ay ang sandali ng pagpapahayag ng pagpasok niya sa Islām sa pamamagitan ng pagbigkas niya ng Dalawang Pagsaksi. Sa pamamagitan ng pagpapahayag na ito, nagpapahayag siya para sa sarili niya bago ng sino pa man na siya kinabukasan ay naging isang iba na sa dating siya at na siya magmula ng mga sandaling ito ay humakbang ng mga unang hakbang niya tungo sa pagkakilala sa katotohanan at pagkapit dito. Sa araling ito, mapag-aalaman natin ang Dalawang Pagsaksi, ang kahulugan ng dalawang ito, at ang mga kinakailangan sa dalawang ito sa Muslim.

Ang Dalawang Pagsaksi

Ginawa ni Allāh (kamahal-mahalan Siya at kapita-pitagan) bilang susi ng pagpasok sa Islām ang pagbigkas ng Dalawang Pagsaksi.


Ang dalawang ito ay [ang pagbigkas ng]: Ashhadu allā ilāha illa –Ilāh, wa-ashhadu anna Muḥammadar rasūlu –Ilāh (Sumasaksi ako na walang Diyos kundi si Allāh at sumasaksi ako na si Muḥammad ay Sugo ni Allāh.)

Ano ang kahulugan ng Dalawang Pagsaksi?

Una: Ang Kahulugan ng Pagsaksi na Walang Diyos Kundi si Allāh

Ang kahulugan ng [pahayag na] “Sumasaksi ako na walang Diyos kundi si Allāh” ay naniniwala ako nang paniniwalang tiyakan na walang sinasamba na naging karapat-dapat sa pagsamba kundi si Allāh lamang.

Naglaman nga ang pagsaksing ito ng dalawang bagay:





Ang pinakadiwa ng Relihiyong Islām na Relihiyon ng mga propeta sa kalahatan ay: ang pagsamba kay Allāh lamang at ang kawalang-pananampalataya sa bawat anumang sinasamba bukod pa sa Kanya. Nagsabi si Allāh (napakataas Siya): {Hindi Kami nagsugo bago mo pa ng anumang sugo malibang nagkakasi Kami sa kanya na walang Diyos kundi Ako,* kaya sumamba kayo sa Akin.} (Qurʼān 21:25)

Kaya naman hindi pinapayagan sa alinmang kalagayan kabilang sa mga kalagayan ang paniniwala sa pagkadiyos ng alinmang bagay maliban kay Allāh (napakataas Siya) at hindi pinapayagan ang pagpapakalapit-loob sa iba pa kay Allāh (napakataas Siya) sa pamamagitan ng alinmang uri ng mga pagsamba.

Ikalawa: Ang Kahulugan ng Pagsaksi na si Muḥammad ay Sugo ni Allāh

Ang kahulugan ng [pahayag na] “Sumasaksi ako na si Muḥammad ay Sugo ni Allāh” ay naniniwala ako nang paniniwalang tiyakan na si Muḥammad (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) ay Sugo ni Allāh, na siya ay ang Pangwakas sa mga propeta kaya walang propeta matapos niya, at na ang mensahe niya ay para sa mga tao sa kalahatan. Nagsabi Siya (kaluwalhatian sa Kanya at napakataas Siya): {Napakamapagpala ang nagbaba ng pamantayan sa Lingkod Niya upang ito para sa mga nilalang ay maging isang mapagbabala,} (Qurʼān 25:1)



Pagsasanay

Matapos ng pagbalik mo sa Aklat na Muḥammad Rasūlullāh (Si Muḥammad, ang Sugo ni Allāh), itala mo ang mga sumusunod na impormasyong pampagpapakilala sa Sugong si Muḥammad (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan):



Mag-scan ka sa barcode para sa pag-download ng aklat.



Ang Pangalan Niya:	
Ang Kaangkanan Niya:	
Ang Kapanganakan Niya:	
Ang Paglaki Niya:	
Ang Pagkapropeta Niya:	
Ang Paglikas Niya:	
Ang Pagpanaw Niya:	



Mga Tanong Pampagsusuri

1

Kapag nalaman mo na si Allāh ay ang Diyos ng Sansinukob, tunay na ito ay ibinibilang na sasapat sa pagpasok sa Islām.

☐ Tumpak ☐ Mali

Sasapat sa pagsaksi na si Muḥammad (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) ay Sugo ni Allāh na maniwala lang ako rito at hindi ako tumalima sa kanya:

☐ Tumpak ☐ Mali

2

Matapos ng panonood mo ng video clip na ito na Who is Muḥammad? magsalita ka tungkol sa mga aspeto ng kadakilaan sa personalidad ni Propeta Muḥammad (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) at mag-analisa ka ng mga paraan na isinasaparaan ng mga kaaway ng Islām para sa pagsira sa marangal na imahen niya.



Mag-scan ka sa barcode para mapanood ang video.

3

Sa pamamagitan ng pagbuklat mo sa website na ito na "Si Jesus sa Qur'ān - <https://jesusandquran.com> " magsalita ka tungkol sa kaugnayan ni Propeta Muḥammad kay Propeta Jesus (sumakanilang dalawa ang basbas at ang pangangalaga).



Mag-scan ka sa barcode para dumalaw sa website.



Ang Ikaapat na Aralin

Ang Pananampalataya

Pauna

Madalas, nakararamdam ang Muslim ng katiwasayan at kapanatagan kapag bumibigkas siya ng Qur'ān o nagpapakamananamba siya kay Allāh (napakataas Siya) sa ṣalāh o iba pa rito kabilang sa mga pagsamba. Ang pagkaramdam na ito na nangingibabaw sa ilan para maghatid sa kanila sa mga nangungunang baytang ng kagalakan at kaligayahan ay isa sa mga epekto ng pananampalataya na nagtutulak sa Muslim tungo sa paggawa sa buhay niya sa kabuuan nito para kay Allāh, na sumusunod dito sa mga ipinag-uutos Niya nang may pagmimithi at pagkaibig at umiiwas sa mga sinasaway Niya nang may pagpapaakay at pagtalimang walang-takda. Sa araling ito, mapag-aalaman natin ang konsepto ng pananampalataya, ang mga haligi nito, at ang mga bunga nito.

Ano ang pananampalataya?

Ang pananampalataya ay ang paniniwala ng puso at dila sa anumang inihatid mula sa ganang kay Allāh, ang pagpapaakay ng puso rito bilang pag-ibig, pag-aasam, at pangamba, at ang paggawa niyon ng mga bahagi ng katawan. Nagsabi si Allāh (napakataas Siya): {O mga sumampalataya, sumampalataya kayo kay Allāh, sa Sugo Niya, sa Aklat na ibinaba Niya sa Sugo Niya, at sa Kasulatang pinababa Niya bago pa niyan. Ang sinumang tumatangging-sumampalataya kay Allāh, sa mga anghel Niya, sa mga aklat Niya, sa mga sugo Niya, at sa Huling Araw ay naligaw nga sa isang pagkaligaw na malayo.} (Qur'ān 4:136)

Makipagtalakayan ka!



Ano ang kaibahan ng pag-aasam at pangamba?

Ang mga Haligi ng Pananampalataya

Nakatayo ang pananampalataya sa anim na haligi:

- 1 **Ang Pananampalataya kay Allāh.** Sumasampalataya ang Muslim sa kairalan ni Allāh (napakataas Siya), sa mga pangalan Niya at mga katangian Niya, at na Siya ay ang Panginoon ng malawak na Sansinukob na ito sapagkat Siya ay ang Tagalikha nito, ang Tagapagmay-ari ng bawat anumang narito, ang Tagapangasiwa ng mga pumapatungkol dito, at ang Tagapagtustos ng mga lingkod Niya; at sumasampalataya ito na walang Diyos na iba pa sa Kanya na naging karapat-dapat na sambahin, at na Siya ay nailalarawan sa mga katangian ng pagkaganap.
- 2 **Ang Pananampalataya sa mga Anghel.** Sumasampalataya ang Muslim sa kairalan ng mga anghel na mararantal, na si Allāh (napakataas Siya) ay lumikha sa kanila, at na sila ay sumasamba kay Allāh (napakataas Siya) at hindi sumusuway sa Kanya sa ipinag-uutos Niya sa kanila; at sumasampalataya ito sa mga katangian nila at mga tungkulin nila na nasasaad sa Qur'ān at Sunnah.
- 3 **Ang Pananampalataya sa mga Kasulatang Pinababa.** Sumasampalataya ang Muslim na si Allāh ay nagpababa sa mga lingkod Niya mula sa ganang Kanya ng mga kasulatan sa mga sugo Niya at nagpababa ng mga ito para sa kapatnubayan ng mga tao at pagtuturo sa kanila ng mga nauukol sa Relihiyon nila. Kabilang sa mga ito na si Allāh (napakataas Siya) ay nagpababa nga ng Torah kay Moises na anak ni 'Imrān (sumakanya ang pangangalaga), ng Salmo kay David (sumakanya ang pangangalaga), ng Ebanghelyo kay Jesus na anak ni Maria (sumakanilang dalawa ang pangangalaga), at ng Qur'ān kay Muḥammad (sumakanya ang basbas at ang pangangalaga) at na ang Qur'ān ay kahuli-hulihan sa mga ito at tagapagsubaybay sa mga ito.
- 4 **Ang Pananampalataya sa mga Propeta (Sumakanila ang Pangangalaga).** Sumasampalataya ang Muslim na si Allāh ay nagsugo ng mga sugo sa mga kababayan nila habang nag-alalay Siya sa kanila ng mga himalang nagpapatunay sa katapatan nila upang magbalita sila ng nakagagalak sa mga mananampalataya at magbabala sila sa mga tagatangging-sumampalataya at upang magtuturo sila sa mga kababayan nila ng mga nauukol sa Relihiyon nila, at kinakailangan naman sa mga pinagsuguan ang tumalima sa kanila at ang sumunod sa kanila; at na si Muḥammad (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) ay ang kahuli-hulihan sa kanila at ang pangwakas sa kanila.
- 5 **Ang Pananampalataya sa Huling Araw.** Sumasampalataya ang Muslim sa Araw ng Pagbangon; at na si Allāh ay bubuhay sa mga patay mula sa mga libingan nila sa Araw na iyon, makikipagtuos sa kanila sa mga gawa nila, at gaganti sa kanila sa mga ito, kaya mayroon sa kanila na papasok sa Paraiso at mayroon sa kanila na papasok sa Impiyerno.
- 6 **Ang Pananampalataya sa Pagtatakda.** Sumasampalataya ang Muslim na ang bawat nangyayari sa Sansinukob na ito na kabutihan o kasamaan ay ayon sa pagtatakda ni Allāh (napakataas Siya), habang nakaalam na nito si Allāh at sumulat Siya nito sa Tablerong Pinag-iingat, at na walang nangyayari sa Sansinukob na ito kundi ang niloob Niya (napakataas Siya).



Ang Pagtatambal kay Allāh

Ito ay ang paniniwala sa pagkadiyos ng isang iba pa kay Allāh (napakataas Siya) o ang pagpapakalapit-loob dito sa pamamagitan ng anumang kabilang sa mga pagsamba. Ito ay isang mabigat na pagkakasala at isang malaking krimen, na hindi nagpapatawad nito si Allāh (napakataas Siya), gaya ng sinabi Niya (napakataas Siya): {Tunay na si Allāh ay hindi nagpapatawad na tambalan Siya at magpapatawad naman Siya sa anumang mababa pa roon sa sinumang loloobin Niya. Ang sinumang nagtatambal kay Allāh ay gumawa-gawa nga ng isang kasalanang sukdulan.} (Qur'ān 4:48)

Ipinantutukoy sa Aklat at Sunnah ang Marangal na Qur'ān at ang mga ḥadīth ng Sugong si Muḥammad (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) yayamang itinuturing ang dalawang ito bilang ang dalawang pangunahing pinagkukunan ng pagbabatas sa Islām.

Ang Tablerong Pinag-iingat ay ang talaan na sinulatan ni Allāh ng anumang itinakda sa mga nilikha hanggang sa Huling Sandali.

Ang mga Bunga ng Pananampalataya

Ang pananampalataya ay may maraming bunga, na kabilang sa mga ito ang sumusunod:

Ang pagtatakda ay ang pagtatakda ni Allāh (napakataas Siya) sa mga bagay sa una pa at ang pagkakaalam Niya (kaluwalhatian sa Kanya) na ang mga ito ay magaganap sa mga panahong nalalaman sa ganang Kanya at ayon sa mga katangiang itinangi.

- Ang kapanatagan ng kaluluwa sapagkat ang pananampalataya ay gumagawa sa kaluluwa ng mananampalataya na napapanatag na nalulugod kay Allāh at sa pagtatakda Niya, na hindi nangangamba kundi kay Allāh.
- Ang pagkakilala kay Allāh sapagkat nakakikilala ang mananampalataya sa Panginoon sa isang pagkakilala na nakadaragdag sa pagkahumaling niya sa Panginoon niya sapagkat nakakikilala siya sa mga pangalan Nito, mga katangian Nito, at mga gawain Nito.
- Ang pagdakila kay Allāh sapagkat ang mananampalataya, sa tuwing nakakikilala siya sa Panginoon niya, ay nadaragdagan ng pagdakila at pagpipitagan, nadaragdagan dahil dito ng pag-ibig at pag-aasam, at nadaragdagan dahil dito ng pangamba at takot.
- Ang pagkaramdam ng kabutihang-loob ni Allāh sa mga lingkod Niya sapagkat nagsugo nga Siya sa kanila ng mga sugo at nagpababa sa kanila ng mga kasulatan upang mapatnubayan sila tungo sa totoong relihiyon.
- Ang pag-ibig ng mga anghel dahil sa pagsamba nila kay Allāh at pagtalima nila sa Kanya.
- Ang pag-ibig ng mga sugo sapagkat humirang nga sa kanila si Allāh (napakataas Siya) para sa pagpapaabot ng mensahe Niya sa mga tao.
- Ang pagsisikap sa pagsamba sapagkat sa tuwing lumalakas ang pananampalataya ay nadaragdagan ang pagsamba ng tao.
- Ang kaaya-ayang buhay sapagkat ang mananampalataya ay nalulugod sa inihati ni Allāh sa kanya. Nakaaalam siya na ang dumadapo sa kanya sa Mundo na mga kasawian ay isang pag-aangat ng mga antas niya at isang pagtatakip-sala ng mga masagwang gawa niya. Siya rin ay nag-aasam ng inihanda ni Allāh na Kaginhawahan para sa mga mananampalataya sa Kabilang-buhay.
- Ang hindi pagkalinlang sa Mundo sapagkat ang pangmundong buhay ay pansamantala at ito ay isang daan tungo sa buhay na walang-hanggan sa Kabilang-buhay.
- Ang paglalantad sa mga pamahiin sapagkat ang pananampalataya ay nagbubunyag ng marami sa mga pamahiing iyon at nagpapawalang-saysay sa mga iyon.
- Ang pagpasok sa Paraiso sapagkat ito ay ang tahanan ng Kaginhawahang mamamalagi na hindi mapuputol. Nagtangi nga nito si Allāh (napakataas Siya) para sa mga mananampalataya kabilang sa mga lingkod Niya.



Ang Kuwaderno Ko

Magtala ka ng ilan sa mga bunga ng pananampalataya na naramdaman mo matapos ng pagpasok mo sa Islām.



Mga Tanong Pampagsusuri

1

Ang kahulugan ng pananampalataya sa mga sugo ay na sumampalataya ka sa pagkapropeta ni Muḥammad (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) lamang.

☐

Tumpak

☐

Mali

2

Matapos ng panonood mo ng video clip na ito na “Who is Allah?” magsalita ka tungkol sa kadakilaan ng Tagalikha.



Mag-scan ka sa barcode para mapanood ang video.

3

Manood ka ng video clip na ito na “The Six Fundamentals of Faith” at bumanggit ka ng mga epekto na makakamit mo mula sa pananampalataya mo sa bawat isa sa Anim na Haligi ng Pananampalataya.




Mag-scan ka sa barcode para mapanood ang video.




Pagsusuring Pansarili

	Ang Layong Pamgpagtuturo	Antas ng Paghahalaga			
		Hindi	Mahina	Magaling	Mahusay
1	Napag-alaman mo ba ang mga pagsagot sa mga tanong na nauugnay sa kairalan ng tao?				
2	Nakakaya mo ba na magpaliwanag ng kahulugan ng Islām sa isang pinasimpleng anyo?				
3	Nalalaman mo ba ang paraan ng pagpasok sa Islām?				
4	Naiintindihan mo ba ang kahulugan ng Dalawang Pagsaksi?				
5	Nakakaya mo ba na magpaliwanag ng mga kinakailangan ng Dalawang Pagsaksi?				
6	Nalalaman mo ba ang mga Haligi ng Pananampalataya?				
7	Nakakaya mo ba na magpaliwanag ng kahulugan ng pananampalataya kay Allāh?				
8	Nakakaya mo ba na magpaliwanag ng kahulugan ng pananampalataya sa mga anghel?				
9	Nakakaya mo ba na magpaliwanag ng kahulugan ng pananampalataya sa mga kasulatang pinababa?				
10	Nakakaya mo ba na magpaliwanag ng kahulugan ng pananampalataya sa mga sugo?				
11	Nakakaya mo ba na magpaliwanag ng kahulugan ng pananampalataya sa Huling Araw?				
12	Nakakaya mo ba na magpaliwanag ng kahulugan ng pananampalataya sa pagtatakda?				
13	Nalalaman mo ba kung papaanong bigkasin ang Dalawang Pagsaksi nang tumpak na pagbigkas?				
14	Nalalaman mo ba kung papaanong palalakasin ng bagong Muslim ang pananampalataya niya?				
15	Nararamdaman mo ba ang pag-ibig sa Relihiyong Islām sa puso mo?				




Ang Ikalawang Yunit

Ang Marangal na Qur'ān



Mga Aralin ng Yunit

- 1 Alamin ang Marangal na Qur'ān
- 2 Ang Pagpapakahulugan sa mga Maiikling Kabanata ng Qur'ān





Ang Unang Aralin

Alamin ang Marangal na Qur'ān

Pauna

Nang nagpadala si Allāh ng mga propeta para sa pag-aanyaya sa mga kababayan nila, nagbigay Siya sa kanila ng ilan sa mga himalang magpapatotoo sa pamamagitan ng mga ito sa katapatan ng pagkapropeta nila sa mga kababayan nila. Gayon pa man, ang mga himala ng mga propeta ay natatapos noon sa pagkatapos ng mga taning nila. Hinggil naman sa Sugo ng Islām (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan), ginawa nga ni Allāh bilang pinakalantad na himala niya sa mga kababayan niya at para sa mga tao sa kalahatan ang Mahal na Aklat, na naggarantiya si Allāh ng pag-iingat dito matapos ng pagkamatay ng propeta Niya (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan). Sa araling ito, mapag-aalaman natin ang isang bahagi ng mga kainaman ng Qur'ān at mga magandang asal dito.

Ano ang Qur'ān?

Ang Marangal na Qur'ān ay Salita ni Allāh (napakataas Siya) na pinababa Niya sa Sugo Niyang si Muḥammad (sumakanya ang basbas at ang pangangalaga). Ito ay ang kahuli-hulihan sa mga pinababang kasulatan ni Allāh at matapos nito ay wala nang iba pang kasulatan.

Ang Kainaman ng Pagbabasa ng Qur'ān

- Nagsabi ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan): {Ang sinumang bumigkas ng isang titik mula sa Aklat ni Allāh ay magkakaroon siya ng isang gawang maganda. Ang gawang maganda ay [may gantimpalang] katumbas sa sampung tulad nito. Hindi ko sinasabing ang alif lām mīm ay isang titik, bagkus ang alif ay isang titik, ang lām ay isang titik at ang mīm ay isang titik.} Nagtala nito si Imām At-Tirmidhī sa Sunnan niya, numero 2910, nang may tumpak na kawing ng pagpapaabot.
- Nagsabi pa ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan): {Bigkasin ninyo ang Qur'ān sapagkat tunay na ito ay darating sa Araw ng Pagbangon bilang tagapamagitan sa mga tagatangkilik nito.} Nagtala nito si Imām Muslim sa Ṣaḥīḥ niya, numero 804.

Ang mga kasulatang pinababa ay ang mga kasulatan na pinababa ni Allāh (kaluwalhatian sa Kanya at napakataas Siya) sa mga propeta Niya. Sumasampalataya ang Muslim sa mga kasulatang ito, na ang mga ito ay pinababa mula sa ganang kay Allāh (napakataas Siya), at na si Allāh ay nagsalita ng nasaad sa mga ito ayon sa nababagay sa Kanya (kaluwalhatian sa Kanya). Kabilang sa mga kasulatang ito ang Salmo na pinababa kay David (sumakanya ang pangangalaga), ang Torah na pinababa kay Moises (sumakanya ang pangangalaga), at ang Ebanghelyo na pinababa kay Jesus (sumakanya ang pangangalaga). Dumanas na ang mga kasulatang ito ng paglilihis at pagpapalit sa paglipas ng mga panahon.

Ang Qur'ān ay pagkain ng kaluluwa at isip

Nakipag-usap ang Marangal na Qur'ān sa mga isip ng mga tao at mga kaluluwa nila sa magkapantay na paraan sapagkat ito ay nakikipag-usap sa isip sa pamamagitan ng:

- Pagpapatunay pang-isip sa mga usapin; nagsabi Siya (napakataas Siya): {Kung sakaling sa mga [langit at lupa na] ito ay may mga diyos maliban kay Allāh, talaga sanang nasira ang mga ito. Kaya kaluwalhatian kay Allāh, ang Panginoon ng Trono, higit sa anumang inilalarawan nila.} (Qur'ān 21:22)
- Pag-aanyaya sa paggamit ng isip at pag-iisip-isip sa mga patunay at mga patotoo; nagsabi Siya (napakataas Siya): {Gayon naglilininaw si Allāh para sa inyo ng mga tanda, nang sa gayon kayo ay mag-iisip-isip} (Qur'ān 2:219)
- Pagpula sa mga hindi nagpapagana ng mga isip nila at hindi nag-iisip-isip sa pamamagitan ng mga ito; nagsabi Siya (napakataas Siya): {O nag-aakala ka na ang higit na marami sa kanila ay dumidinig o nakapag-uunawa? Walang iba sila kundi gaya ng mga hayupan, bagkus sila ay higit na ligaw sa landas.} (Qur'ān 25:44)

Kumakausap ito sa mga kaluluwa nila at mga emosyon nila sa pamamagitan ng:

- Pagpapahayag ng mga damdaming emosyonal, pagtatampok ng mga ito, at pagsasalarawan ng mga ito sa maraming kalagayan; nagsabi Siya (napakataas Siya): {Mayroon sa mga tao na gumagawa sa bukod pa kay Allāh bilang mga kaagaw, na umiibig sila sa mga ito gaya ng pag-ibig kay Allāh} (Qur'ān 2:165)
- Pagpapaalaala ng mga emosyong makatao at paglilinaw ng mga epekto ng mga ito na maganda at masagwa; nagsabi Siya (napakataas Siya): {Talagang makatatagpo ka nga na ang pinakamatindi sa mga tao sa pagkamuhi sa mga sumampalataya ay mga Hudyo at ang mga nagtambal [kay Allāh]. Talagang makatatagpo ka nga na ang pinakamalapit sa kanila sa pagmamahal para sa mga sumampalataya ay ang mga nagsabi: "Tunay na kami ay mga Kristiyano." Lyon ay dahil mayroon sa kanilang mga ministro at mga monghe at dahil sila ay hindi nagmamalaki.} (Qur'ān 5:82)
- Pag-uutos ng kabaitan at pagpapakapitagan sa pag-aanyaya; nagsabi Siya (napakataas Siya): {Mag-anyaya ka tungo sa landas ng Panginoon mo sa pamamagitan ng karunungan at pangaral na maganda, at makipagtalo ka sa kanila ayon sa siyang pinakamaganda.} (Qur'ān 16:125)
- Paglalaman ng mga talata ng mga patakaran ng mga kahulugang pampananampalataya; nagsabi Siya (napakataas Siya): {Gayon kayo dati bago pa niyan ngunit nagmagandang-loob si Allāh sa inyo} (Qur'ān 4:94)
- Paggamit ng mga pananalitang nakaaapekto sa sarili at nakapupukaw sa mga emosyong tapat; nagsabi Siya (napakataas Siya): {Hindi ba kayo umiibig na magpatawad si Allāh sa inyo?} (Qur'ān 24:22)

Maaaring pagsamahin nito ang dalawang pakikipag-usap na pang-isip at pang-espiritu sa iisang talata, na nakikipagtalakayan sa isip, kumukumbinsi rito, at nagpapakilos ng emosyon nang magkasabayan; nagsabi Siya (napakataas Siya): {O mga tao, alalahanin ninyo ang biyaya ni Allāh sa inyo. May tagalikha kayang iba pa kay Allāh, na nagtutustos sa inyo mula sa langit at lupa? Walang Diyos kundi Siya, kaya paanong nalilinlang kayo?} (Qur'ān 35:3)

Makipagtalakayan ka!



Ano ang mga talata [ng Qur'ān] na nabasa mo bago ng pag-anib mo sa Islām?
Naging papaano ang epekto ng mga ito sa iyo?

Ang Qur'ān ay metodolohiya ng buhay

Ang Marangal na Qur'ān ay Salita ng Panginoon ng mga nilalang, na lumikha sa mga tao sa kalahatan. Siya ay higit na maalam sa kanila kaysa sa mga sarili nila at higit na maalam sa anumang nagpapakinabang sa kanila at sa anumang nakapipinsala sa kanila. Dahil doon, gumawa si Allāh (napakataas Siya) sa Qur'ān bilang pangwakas sa mga pinababang kasulatan Niya, bilang aklat na pangmetodolohiya na nagsasatitik sa tao ng metodolohiya ng buhay nila. Lumilinaw iyon sa pamamagitan ng mga sumusunod na punto:

- Ang kalawakan ng pagtalakay nito sapagkat ito ay tumatalakay sa buhay ng tao sa tatlong saklaw ng mga ito: pampersonal, pangmag-anak, at panlipunan.
- Ang kasaklawan ng mga paksa nito sapagkat ito ay sumasaklaw sa mga pinaniniwalaan; mga pagsamba; mga kaugalian; mga ugnayang panlipunan at pampananalapi; mga aspetong pang-isip, pang-emosyon, at pangkatawan; mga ugnayang pandaigdigang at kalagayan ng kapayapaan at digmaan; at iba pa sa mga ito.
- Ang katarungan sapagkat ito ay isang aklat na nag-uutos ng katarungan sa lahat ng mga kalagayan, pati na sa mga kaaway, at sumasaway sa kawalang-katarungan sa lahat ng mga anyo nito.



Ang Marangal na Qur'ān ay nagsasatitik para sa mga tao ng metodolohiya ng buhay nila, naglilinaw sa kanila ng mga karapatan nila at mga tungkulin nila, at nagtatakda ng anumang para sa kanila at kailangan sa kanila, kalakip ng nangingibabaw na kakayahan sa pag-angkop, na nagsasanhi sa mga pagbabatas nito na maging naaangkop sa bawat panahon at lugar.



Kailangan sa Muslim na magsigasisig sa pagbigkas ng Marangal na Qur'ān at matuto ng mga patakaran nito.

Ang mga Kasaysayan ng mga Propeta sa Qur'ān

Ang Marangal na Qur'ān ay puno ng mga kasaysayan ng mga naunang propeta at mga tao nila, simula kay Adan (sumakanya ang pangangalaga) hanggang kina Noe, Hūd, Šālih, Shu'ayb, Abraham, Ismael, Isaac, Jacob, Moises, Jesus (sumakanila ang pangangalaga), at sa iba pa sa kanila na mga propeta at mga sugo. Bumanggit ang Marangal na Qur'ān ng mga kasaysayan nila dahil sa mga kasanhian, na kabilang sa mga ito ang sumusunod:

- Ang paglililaw na ang relihiyon ng mga propeta sa kalahatan ay iisang relihiyon, na ang pundasyon nito ay ang paniniwala sa kaisahan ni Allāh (napakataas Siya).
- Ang pagpapalubag-loob kay Propeta Muḥammad (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) at ang pagpapatatag sa kanya sapagkat ang anumang nangyari sa kanya ay nangyari nga sa mga propeta bago pa niya.
- Ang pagpapalubag-loob sa mga mananampalataya na ang anumang maaaring dumapo sa kanila na kasawiang-palad at pagsubok ay dumapo nga sa mga pinarangalan kabilang sa mga lingkod nila bago pa nila.
- Ang pagkuha ng pangaral at maisasaalang-alang mula sa mga ito sapagkat ang mga ito ay kasaysayang makatotohanang pangyayari.



Pagsasanay

Maglagay ng bawat parirala mula sa mga sumusunod na parirala sa naaangkop na lagayan nito alinsunod sa pagkakaugnay nito:

Namamagitan sa mga tagatangkilik nito

Ang salita ni Allāh ay

Nag-utos ng kabaitan at pagpapakitagan sa pag-aanyaya

Nag-aanyaya sa pagpapagana ng isip

Gumagamit ng mga pananalitang nakaaapekto sa sarili

Ang kahulihulihan sa mga kasulatang pinababa

Pinababa kay Propeta Muḥammad (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan)

Kabilang sa mga katangian ng Qur'ān:

Kabilang sa mga kalamangan ng Qur'ān:

Ang Marangal na Qur'ān



Ang mga Pinakamalaking Paksa Nito

Kabilang sa pinakamahalaga sa mga paksa na tinatalakay ng Marangal na Qur'ān ang sumusunod:

- ang pag-uusap tungkol sa paniniwala sa kaisahan ni Allāh (napakataas Siya) at ang pagtulak sa pagtatambal sa Kanya;
- ang pag-uusap tungkol sa Sansinukob na nagpapatunay sa pagkabusay ng pagkakayari nito ng Tagalikha nito (kapita-pitagan Siya at kataas-taasan);
- ang kasaysayang pang-Qur'ān na puno ng mga maisasaalang-alang at mga pangaral;
- ang pag-uusap tungkol sa pagsisimula ng paglikha, pagbuhay sa mga tao matapos ng kamatayan, at pagganti sa kanila sa mga gawa nila;
- ang edukasyon at ang pagbabatas para sa mga mananampalataya.



Mga Tanong Pampagsusuri

1

Nakikipag-usap ang Qur'ān sa isip sa pamamagitan ng pagpapatunay na pang-isip sa mga usapin.

☐

Tumpak

☐

Mali

2

Bakit pinababa ni Allāh ang Qur'ān?

3

Buklatin mo ang website na ito "alnaba.ws" pagkatapos bumanggit ka ng ilan sa mga katunayang nagpapatunay sa katapatan ng Qur'ān at katibayan nito bilang pagpapasaksi sa pamamagitan ng ilan sa mga anyo ng paghihimala rito.

4

Nagpababa si Allāh ng Qur'ān:

☐

A) sa lahat ng mga propeta

☐

B) kay Muḥammad (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan)

Ang Ikalawang Aralin

Ang Pagpapakahulugan sa mga Maiikling Kabanata ng Qur'ān

Pauna

Ibinibilang ang Kabanatang Al-Fātiḥah na pinakadakila sa mga kabanata ng Qur'ān. Nagbigay-diin nga ang Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) sa kainaman nito at kadakilaan nito sa maraming ḥadīth. Ito ay ang kabanata na kinakailangan sa bawat Muslim ang magsaulo nito sa isip dahil sa pagiging ito ang kabanatang kaisa-isahang kinakailangan sa kanya ang pagbigkas nito sa bawat ṣalāh. Sa araling ito, mapag-aalaman natin ang kabanatang ito, maisasaulo natin ang mga talata nito, matututuhan natin ang mga kahulugan nito, at mapag-aalaman natin gayon din ang ilan sa mga maiikling kabanata ng Qur'ān, na naglaman ng mga dakilang kahulugan.

Kabanatang Al-Fātiḥah


Ang Kahulugan ng Kabanata

{1. Sa ngalan ni Allāh, ang Napakamaawain, ang Maawain.}

Nagpapasimula ako ng pagbigkas ng Qur'ān sa ngalan ni Allāh bilang nagpapatulong sa Kanya. Si Allāh ay ang sinasambang totoo na nailalarawan sa katangian ng pagkaawang pangkalahatan na sumakop sa lahat ng nilikha. Siya ay ang Maawain sa mga lingkod Niyang mga mananampalataya ayon sa isang awang natatangi.

{2. Ang papuri ay ukol kay Allāh, ang Panginoon ng mga nilalang.}

Ang pagbubunyi kay Allāh dahil sa mga katangian Niyang lubos at dahil sa mga biyaya Niya sa lahat ng nilikha Niya sapagkat Siya lamang ang karapat-dapat sa lahat ng mga anyo ng papuri at mga porma nito sapagkat Siya ay ang Panginoon ng mga nilikha sa kalahatan, na lumikha sa kanila matapos ng kawalan, ang Tagapagtaguyod sa mga pumapatungkol sa kanila, at ang Tagapagsaayos ng mga kalagayan nila.



{3. ang Napakamaawain, ang Maawain,}

Ang Napakamaawain ay ang nailalarawan sa katangian ng pagkaawang pangkalahatan para sa lahat ng nilikha Niya at ang Maawain ay ang nailalarawan sa katangian ng pagkaawang natatangi para sa mga mananampalataya kabilang sa kanila.



Ang Napakamaawain:
para sa lahat ng nilikha
Niya



Ang Maawain:
natatangi para sa mga
mananampalataya.

{4. ang Tagapagmay-ari ng Araw ng Pagtutumbas.}

Ang Tagapagmay-ari ng Araw ng Pagbangon, Araw ng pagtutuos sa mga gawa at ng pakikipagganti sa mga ito.

{5. Sa Iyo [lamang] kami sumasamba at sa Iyo [lamang] kami nagpapatulong.}

Sumasamba kami sa Iyo, tanging sa Iyo, Panginoon namin, at nagpapatulong kami sa Iyo, tanging sa Iyo, sa lahat ng mga nauukol sa amin sapagkat ang utos sa kabuuan nito ay nasa kamay Mo.

{6. Patnubayan Mo kami sa landasing tuwid:}

Magturo Ka sa amin tungo sa landasing tuwid at magpatatag Ka sa amin doon hanggang sa makatagpo Ka namin. Ito ay ang Islām, ang daang maliwanag na nagpaparating tungo sa kaluguran ni Allāh at tungo sa mga paraiso Niya.

{7. ang landasin ng mga biniyayaan Mo, hindi ng mga kinagalitan, at hindi ng mga naliligaw.}

Ito ay ang daan ng mga biniyayaan Mo ng kapatnubayan mula sa mga propeta, mga tagaadya nila, at mga lumakad sa daan nila sapagkat sila ay mga alagad ng kapatnubayan at pagkamatuwid.

Maglayo Ka sa amin sa daan ng mga kinagalitan Mo dahil sila ay nakakilala sa katotohanan at hindi gumawa ayon dito at sa daan ng mga naliligaw na hindi napatnubayan tungo sa daang tuwid dahil sa pagkamangmang na mula sa kanila.

Makipagtalakayan ka!



Ano ang mga kaparaanang nakatutulong sa pagsasaulo ng Kabanatang Al-Fātihah?

Kabanatang Al-Ikhlāṣ

Ang Kahulugan ng Kabanata

{1. Sabihin mo: "Siyang si Allāh ay Kaisa-isa."}

Sabihin mo, O Sugo, sa sinumang nagtanong sa iyo tungkol sa paglalarawan sa Panginoon mo: Siya ay si Allāh, ang Namumukod-tangi sa pagkadiyos at pagkapanginoon; walang Diyos na iba pa sa Kanya.

{2. Si Allāh ay ang Dulugan [sa pangangailangan].}


Siya ay si Allāh, ang Lubos sa mga Katangian Niya at ang pinapakay ng mga nilikha sa paghiling ng mga pangangailangan nila sa kabila ng kawalang-pangangailangan Niya sa kanila.

{3. Hindi Siya nagkaanak at hindi Siya ipinanganak.}

Siya si Allāh, na hindi nagkaroon ng anak: walang anak na lalaki at walang anak na babae; at hindi nagkaroon ng magulang na ama o ina.

{4. Hindi nagkaroon sa Kanya ng isang kapantay na isa man."}

Hindi Siya nagkaroon ng katulad mula sa nilikha Niya: hindi sa sarili Niya, hindi sa mga pangalan Niya, hindi sa mga katangian Niya, at hindi sa mga gawa Niya.



Kabanatang Al-Falaq




Ang Kahulugan ng Kabanata

{1. Sabihin mo: "Nagpapakupkop ako sa Panginoon ng bukang-liwayway }

Sabihin mo, O Sugo: Nagpapakanlong ako at nagpapasanggalang ako kay Allāh na Panginoon ng buwang-liwayway, ang pagsikat ng madaling-araw,

{2. laban sa kasamaan ng anumang nilikha Niya}

Laban sa kasamaan ng bawat nilikha kabilang sa mga nilikha, na nakikita natin at na hindi natin nakikita,



{3. at laban sa kasamaan ng pusikit kapag lumaganap ito,}

Laban sa kasamaan ng gabi kapag sumapit ito kasama ng dilim nito at sa anumang naroon na mga kasamaan at mga nakasasakit,

{4. at laban sa kasamaan ng mga babaing [manggagaway na] palaihip sa mga buhol,}

Laban sa kasamaan ng mga babaing manggagaway na umiihip sa ibinubuhol nila kabilang sa mga gawain ng panggagaway,

{5. at laban sa kasamaan ng isang naiinggit kapag naiinggit ito.”}

At laban sa kasamaan ng isang naiinggit na nagmimithi ng paglaho ng biyaya mula sa kinaiinggitan at ng pagkaganap ng pananakit dito.

Kabanatang An-Nās

Ang Kahulugan ng Kabanata

{1. Sabihin mo: “Nagpapakupkop ako sa Panginoon ng mga tao,}

Sabihin mo, O Sugo: Nagpapakanlong ako at nagpapasanggalang ako kay Allāh na Panginoon ng mga tao, ang Nakakakaya – tanging Siya – sa bawat bagay,

{2. na Hari ng mga tao,}

Na Hari ng mga tao sa kabuuan nila, na Tagapagpatnugot sa lahat ng mga pumapatungkol sa kanila,

{3. na Diyos ng mga tao,}

Na Diyos ng mga tao sa kalahatan sapagkat walang sinasamba ukol sa kanila ayon sa karapatan bukod sa Kanya,

{4. laban sa kasamaan ng tagapasaring na palaurong,}


Laban sa pananakit ng demonyo na nagpapasaring sa kanila sa sandali ng pagkalingat nila at nahahadlangan ito roon kapag nag-aalaala sila kay Allāh,

{5. na nagpapasaring sa mga dibdib ng mga tao,}

Na nagkakalat ng mga naiisip na masagwa sa mga dibdib ng mga tao at naglalaru-laro sa mga damdamin nila at mga naiisip nila,

{6. kabilang sa mga jinn at mga tao.”}

Kabilang sa mga demonyo ng jinn at tao.



Kabanatang Al-Kāfirūn

Ang Kahulugan ng Kabanata

{1. Sabihin mo: “O mga tagatangging-sumampalataya,

Sabihin mo, O Sugo, sa mga tumangging-sumampalataya kay Allāh at sa Sugo Niya: O mga tagatangging-sumampalataya kay Allāh,

{2. hindi ako sumasamba sa sinasamba ninyo,}

Hindi ako sumasamba sa sinasamba ninyo na mga diyos na walang-kabuluhan gaya ng mga anito at iba pa sa mga ito,

{3. ni kayo ay mga sasamba sa sinasamba ko;}

Ni kayo ay mga sasamba sa totoong Diyos na sinasamba ko – at Siya lamang ang karapat-dapat sa pagsamba;

{4. ni ako ay sasamba sa sinamba ninyo,}


Ni ako ay sasamba sa mga diyos na walang-kabuluhan na sinamba ninyo,

{5. ni kayo ay mga sasamba sa sinasamba ko.}

Ni kayo ay mga sasamba sa totoong Diyos na sinasamba ko – at Siya lamang ang karapat-dapat sa pagsamba.

{6. Ukol sa inyo ang relihiyon ninyo at ukol sa akin ang relihiyon ko.”}

Ukol sa inyo ang relihiyon ninyo na kinakapitan ninyo at ukol sa akin ang relihiyon ko na kinakapitan ko.



Ang tagatangging-sumampalataya ay ang hindi sumaksi sa pagsaksi sa Tawhīd at hindi sumunod sa mensahe ng Sugong si Muḥammad (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan).

Makipagtalakayan ka!

Ano ang paksa na binigyang-diin ng Kabanatang Al-Ikhlās at Kabanatang Al-Kāfirūn?

.....

.....

.....

.....

.....

.....

.....

Kabanatang Al-Kawthar

Ang Kahulugan ng Kabanata

{1. Tunay na Kami ay nagbigay sa iyo ng Kawthar.}


Tunay na Kami ay nagbigay sa iyo ng maraming kabutihang walang bilang at walang katakdaan sa Mundo at Kabilang-buhay, na kabilang doon ang ilog ng Kawthar sa Paraiso.

{2. Kaya magdasal ka sa Panginoon mo at mag-alay ka.}

Kaya magpakawagas ka sa Panginoon mo ng pagdarasal mo at pag-aalay mo, sumamba ka sa Kanya lamang nang walang katambal sa Kanya, magkatay ka sa ngalan Niya lamang nang walang katambal sa Kanya, bilang pasasalamat sa ibinigay Niya sa iyo na pagpaparangal at kabutihan.

{3. Tunay na ang nasusuklam sa iyo ay siya ang lagot.}

Tunay na ang namumuhi sa iyo, na nasusuklam sa iyo at nasusuklam sa inihatid mo na totoong Relihiyon, ay ang pinakakaunti at ang pinakakaaba-kaaba, na naputol ang pag-alaala sa kanya, na napagkaitan ng kabutihan.



Ang nasusuklam sa iyo ay ang namumuhi sa iyo, na nasusuklam sa iyo at nasusuklam sa inihatid mo na totoong Relihiyon.

Kabanatang Al-'Ashr

Ang Kahulugan ng Kabanata

{1. Sumpa man sa panahon,}


Sumumpa si Allāh sa panahon at oras na kinagaganapan ng mga pagkilos ng mga anak ni Adan, na kabutihan at kasamaan.

{2. tunay na ang tao ay talagang nasa isang pagkalugi,}

Tunay na ang tao ay talagang nasa isang kalugihan at isang kapahamakan,

{3. maliban sa mga sumampalataya, gumawa ng mga maayos, nagtagubilinan ng katotohanan, at nagtagubilinan ng pagtitiis.}

Maliban sa mga sumampalataya kay Allāh, gumawa ng mga gawang maayos, nagtagubilin sa isa't isa sa kanila ng pagkapit sa katotohanan, ng katatagan doon, at ng pagtitiis para roon.



Pagsusuring Pansarili

	Ang Layong Pamgpagtuturo	Antas ng Paghahalaga			
		Hindi	Mahina	Magaling	Mahusay
1	Nakakaya mo ba na ipaliwanag kung ano ang Qur'ān?				
2	Nakakaya mo ba na isaisip ang ugnayan sa pagitan ng Qur'ān at buhay?				
3	Nalalaman mo ba kung bakit nagsalaysay si Allāh ng mga kasaysayan ng mga propeta sa Qur'ān?				
4	Naiintidihan mo ba ang pambuod na kahulugan ng Kabanatang Al-Fātiḥah?				
5	Naiintidihan mo ba ang pambuod na kahulugan ng Kabanatang Al-Ikhlāṣ?				
6	Naiintidihan mo ba ang pambuod na kahulugan ng Kabanatang Al-Falaq?				
7	Naiintidihan mo ba ang pambuod na kahulugan ng Kabanatang An-Nās?				
8	Naiintidihan mo ba ang pambuod na kahulugan ng Kabanatang Al-Kāfirūn?				
9	Naiintidihan mo ba ang pambuod na kahulugan ng Kabanatang Al-Kawthar?				
10	Naiintidihan mo ba ang pambuod na kahulugan ng Kabanatang Al-'Aṣr?				
11	Nakakaya mo ba na bumigkas ng Kabanatang Al-Fātiḥah nang tumpak na pagbigkas?				
12	Nagawa mo ba na maisaulo ang Kabanatang Al-Fātiḥah?				
13	Nakakaya mo ba na bumigkas ng Kabanatang Al-Ikhlāṣ nang tumpak na pagbigkas?				

	Ang Layong Pampagtuturo	Antas ng Paghahalaga			
		Hindi	Mahina	Magaling	Mahusay
14	Nagawa mo ba na maisaulo ang Kabanatang Al-Ikhlās?				
15	Nakakaya mo ba na bumigkas ng Kabanatang Al-Falaq nang tumpak na pagbigkas?				
16	Nagawa mo ba na maisaulo ang Kabanatang Al-Falaq?				
17	Nagawa mo ba na bumigkas ng Kabanatang An-Nās nang tumpak na pagbigkas?				
18	Nagawa mo ba na maisaulo ang Kabanatang An-Nās?				
19	Nakakaya mo ba na bumigkas ng Kabanatang Al-Kāfirūn nang tumpak na pagbigkas?				
20	Nagawa mo ba na maisaulo ang Kabanatang Al-Kāfirūn?				
21	Nakakaya mo ba na bumigkas Kabanatang Al-Kawthar nang tumpak na pagbigkas?				
22	Nagawa mo ba na maisaulo ang Kabanatang Al-Kawthar?				
23	Nakakaya mo ba na bumigkas ng Kabanatang Al-Kawthar nang tumpak na pagbigkas?				
24	Nagawa mo ba na maisaulo ang Kabanatang Al-`Aşr?				
25	Naisasadamdamin mo ba ang mga kahulugan ng mga kabanata na inaral mo?				



Ang Ikatlong Yunit

Ang mga Pagsamba



Mga Aralin ng Yunit

- 1 Ang Pagsamba
- 2 Ang Ṭahārah
- 3 Ang Wuḍū'
- 4 Ang Ghusl (Paligo)
- 5 Ang mga Patakarang Natatangi sa Babaing Muslim
- 6 Ang Ṣalāh
- 7 Ang Zakāh
- 8 Ang Pag-ayuno
- 9 Ang Ḥajj





Ang Unang Aralin

Ang Pagsamba

Pauna

Nagsasagawa ang Muslim sa buhay niya ng isang bilang ng mga pagsamba na nagpapakalapit-loob siya sa pamamagitan ng mga ito sa Tagalikha niya (kaluwalhatian sa Kanya at napakataas Siya). Ang lahat ng mga pagsambang ito ay para lamang sa pagdakila kay Allāh (kamahal-mahalan Siya at kapita-pitagan) at pagpapasailalim sa Kanya bukod sa iba pa sa Kanya. Sa tuwing ang puso ng Muslim ay naging isang tagapagdakila kay Allāh (kamahal-mahalan Siya at kapita-pitagan), ang resulta niyon sa mga pagsamba niya ay nagiging nakalitaw. Ang totoong Muslim ay ang sinumang gumagawa sa buong buhay niya – kabilang dito ang paggawa, ang pagtulog, at ang pagsasaya – para kay Allāh (kaluwalhatian sa Kanya at napakataas Siya) bilang pagsunod sa sabi ni Allāh (napakataas Siya): {162. Sabihin mo: “**Tunay na ang dasal ko, ang pag-aalay ko, ang buhay ko, at ang kamatayan ko ay ukol kay Allāh, ang Panginoon ng mga nilalang – 163. walang katambal sa Kanya. Gayon nag-utos sa akin, at ako ay una sa mga Muslim.**”} (Qur’ān 6:162-163) Sa araling ito, mapag-aalaman natin ang kahulugan ng pagsamba, ang mga uri nito, ang mga kundisyon sa pagtanggap dito, at ang mga antas nito.

Ang Kahulugan ng Pagsamba

Ang pagsamba ay ang mga gawain na isinabatas ni Allāh upang magpakalapit-loob sa pamamagitan ng mga ito ang Muslim sa Kanya. Ito ay sumasaklaw sa lahat ng mga ginagawa at mga sinasabi na naiibigan ni Allāh, maging ang mga ito man ay nakalantad gaya ng mga pagsamba ng katawan tulad ng ṣalāh at ḥajj o maging ang mga ito man ay hindi nakalantad gaya ng mga pagsamba ng puso tulad ng pag-ibig kay Allāh, pangamba sa Kanya, pag-aasam sa Kanya, at iba pa roon kabilang sa mga pagsamba ng puso. Maaari sa tao na magpabagong-kalagayan ng mga gawi niya para maging mga pagsamba ito sa pamamagitan ng pagsasama ng magandang layunin. Kaya kapag naglayon siya sa pagkain niya, pag-inom niya, at pagtulog niya ng pagpapakalakas para sa pagtalima kay Allāh, pabubyaan siya dahil doon.

Ang mga Uri ng mga Pagsamba

Nababahagi ang mga pagsamba sa mga uri:



Gumagawa ng mga ito ang Muslim sa pamamagitan ng puso niya gaya ng pag-ibig, pangamba, pag-aasam, at kataimtiman.



Gumagawa ng mga ito ang Muslim sa pamamagitan ng katawan niya gaya ng ṣalāh, zakāh, at ḥajj.



Nagpapakalapit-loob ang Muslim sa Panginoon niya sa pamamagitan ng pag-iwan sa ipinagbawal sa kanya gaya ng pag-iwan sa alak at pangangalunya o sa pamamagitan ng pag-iwan sa ilan sa mga pinapayagan sa mga itinakdang oras gaya ng pag-iwan sa pagkain at pag-inom sa sandali ng pag-aayuno.

Ang pag-aasam ay ang pagkagalak sa kabutihang-loob ni Allāh at ang pagmimithi ng paggawa ng maganda sa kanya at pagbibigay sa kanya at kagandahan ng pananalig kay Allāh. Ang kataimtiman ay anyo na kinalalagyan ng sarili sa kahinahunan at kawalan ng pagkalihis ng isipan sa sandali ng pagsasagawa ng pagsamba gaya ng ṣalāh halimbawa. Lumilitaw ang epekto nito sa kawalang-paggalaw ng mga bahagi ng katawan.

Ang pagpapakitang-tao ay na magpakay ang Muslim sa paggawa ng pagsamba na makita siya ng mga tao habang siya ay gumagawa nito para magpapuri sila sa kanya.

Ang mga Kundisyon ng Pagtanggap sa mga Pagsamba:

Isinasakundisyon para sa pagtanggap sa mga pagsamba ang dalawang kundisyon:

Una: Ang pagpapakawagas (ikhlās) kay Allāh, kaya naman gumagawa ang Muslim ng pagsamba bilang pagpapakalapit-loob kay Allāh lamang, nang walang shirk at walang pagpapakitang-tao.

Ikalawa: Ang pakikipagsang-ayunan sa Batas ni Allāh, kaya naman nagsasagawa ang Muslim ng pagsamba gaya ng isinabatas ni Allāh (napakataas Siya) at gaya ng ginawa ng Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan).

Makipagtalakayan ka!



Ano ang magpapalugi sa tagapagpakitang-tao sa pag-iwan niya ng pagpapakawagas kay Allāh?



Ang mga Antas ng mga Pagsamba


Ang mga pagsamba ay mga antas na nagkakaibahan.

- Kabilang sa mga ito ang kinakailangan sa bawat Muslim gaya ng ṣalāh halimbawa.
- Kabilang sa mga ito ang kinakailangan sa ilan sa mga Muslim gaya ng zakāh sapagkat ito ay kinakailangan sa mga mayaman, hindi sa mga maralita.
- Kabilang sa mga ito ang itinuturing na kaibig-ibig gawin at hindi naman kinakailangan gaya ng mga panalangin at mga dhikr na sinasabi matapos ng ṣalāh.



Pagsasanay

Ilagay ang bawat pagsamba kabilang sa mga sumusunod na pagsamba sa naangkop na lagayan nito alinsunod sa antas nito sa Islām:



Kinakailangan sa Bawat Muslim:

Kinakailangan sa Ilan sa mga Muslim:

Itinuturing na kaibig-ibig at hindi naman kinakailangan:



Mga Tanong Pampagsusuri

1

Sa pamamagitan ng panonood ng video clip na ito: "Why do I surrender to Allāh?" magsalita ka tungkol sa bunga na natatamo ng Muslim sa pamamagitan ng pagtuon niya sa ninanais ni Allāh lamang at pagpapakawagas niya sa Kanya lamang sa lahat ng mga gawain niya.



Mag-scan ka sa barcode para mapanood ang video.

.....

.....

.....

.....

.....

.....

.....

.....

.....

.....

.....

.....

2

Hindi makaiwas para sa pagtanggap ng maayos na gawa, na ito ay maging wagas kay Allāh at sumasang-ayon sa Batas Niya.

☐

Tumpak

☐

Mali

Ang Ikalawang Aralin

Ang Ṭahārah

Pauna

Nag-anyaya ang Islām sa ṭahārah at kalinisan. Nagbigay-diin ito sa Muslim na magmalasakit sa personal na kalinisan niya. Gumawa ito sa bagay na ito bilang kabilang sa mga sagisag ng Relihiyon. Nag-ugnay ito sa katumpakan ng marami sa mga pagsamba sa pagsasakatuparan ng Muslim sa ṭahārah, na kabilang sa mga katangian ng mananampalataya at kabilang sa mga tanda na ikinabubukod ng Muslim sa iba pa sa kanya. Sa araling ito, mapag-aalaman natin ang kahulugan ng ṭahārah, ang mga uri nito, at ang ilan sa mga patakarang nauugnay rito.

Ang Kahulugan ng Ṭahārah

Ang Ṭahārah

Ang Pagpapakamananamba kay Allāh (Napakataas Siya)

Ito ay ang paglalayon sa gawain bilang pagtalima kay Allāh (napakataas Siya) at bilang pagpapakalapit-loob sa Kanya.

Sa pamamagitan ng pagpawi ng ḥadath

Ang ḥadath ay isang paglalarawang pang-Sharī`ah para sa bawat anumang dumadapo sa mga bahagi ng katawan at naglalaho dahilan dito ang ṭahārah.

Ang Pag-aalis ng mga Karumihan

Ang mga ito ay ang mga minamarumi na nag-utos ang Sharī`ah ng pagpapakadalisay mula sa mga ito at pag-aalis sa mga ito, gaya ng ihi at dumi.

Karagdagang Pagbabasa



Upang mapag-alaman mo ang higit na marami sa mga patakaran ng ṭahārah, basahin mo ang aklat na Aṭ-Ṭahārah Fī Al-Islām (Ang Kadalisan sa Islām) na matatagpuan sa Osoul Store sa ilang wikang pandaigdigang.



Mag-scan ka sa barcode para sa pag-download ng aklat.

Ang mga Uri ng Ṭahārah

Nahahati ang ṭahārah sa dalawang uri:

Ṭahārah Ḥissīyah (Kadalisyang Pisikal)

Ito ay ang pag-aalis ng mga karumihan, ang paglilinis ng lugar ng mga ito, at ang pag-aalis ng mga kadahilanang tagahadlang sa ṣalāh. Iyon ay sa pamamagitan ng paghuhugas sa mga bahagi ng katawan o sa pamamagitan ng paghuhugas sa kabuuan nito.



Ang tinutukoy ng wuḍū' ay ang paghuhugas sa ilan sa mga bahagi ng katawan sa pamamagitan ng tubig.

Ang ṭahārah ḥissīyah (kadalisyang pisikal) ay sa pamamagitan ng wuḍū' o ng ghusl.

Ṭahārah Ma'nawīyah (Kadalisyang Pangkahulugan)

Ito ay ang kadalisan ng puso mula sa Shirk, pagkamuhi, at pagkasuklam sa mga lingkod ni Allah, at iba pa sa mga ito kabilang sa mga espirituwal na sakit ng puso. Ito ay mahalaga gaya ng kadalisan ng katawan. Bagkus hindi maaaring umiral ang kadalisyang legal ng katawan kasabay ng pagkakaroon ng karumihan ng Shirk. Nagsabi si Allāh (Qur'an 9:28): {ang mga tagapagtambal ay salaula lamang}.



Ang tinutukoy ng ghusl ay ang paghuhugas sa buong katawan sa pamamagitan ng tubig.



Ginagamit sa ṭahārah ang dalisay na tubig, gaya ng tubig ng mga dagat o mga ilog o mga balon o iba pa roon kabilang sa mga tubig na hindi nahaluan ng isang karumihan.



- Ang batayang panuntunan sa mga bagay ay ang ṭahārah at walang hinahatulan ng karumihan na anuman maliban sa hinatulan ng Sharī`ah ng karumihan nito.
- Sumasapat sa pagdadalisay ng katawan o kasuutan mula sa karumihan ang pag-aalis nito sa pamamagitan ng tubig o ng alinmang pandalisay.
- Kapag pumasok ang tao sa palikuran para dumumi o umihi, ang pinakamainam ay na maglinis siya ng pinaglalabasan ng ihi at dumi sa pamamagitan ng tubig. Pinapayagan na maglinis siya nito sa pamamagitan ng tissue o iba pa rito kabilang sa nag-aalis ng karumihan.



Mga Tanong Pampagsusuri

Piliin mo ang tumpak na sagot

1

Ang ṭahārah ay nangangahulugan ng:

- ☐ A. Pagpawi ng ḥadath.
- ☐ B. Pag-aalis ng mga karumihan.
- ☐ C. Lahat ng naunang nabanggit.

2

Ang paghuhugas ng buong katawan sa pamamagitan ng tubig ay tinatawag na:

- ☐ A. Wuḍū'.
- ☐ B. Ghusl.
- ☐ C. Tayammum.

3

Ang ṭahārah sa pangkalahatan ay may dalawang uri:

- ☐ A. Ang ṭahārah ḥissīyah at ang ṭahārah ma`nawīyah.
- ☐ B. Ang wuḍū' at ang tayammum.
- ☐ C. Ang wuḍū' at ang ghisl.



Ang Ikatlong Aralin

Ang Wuḍū'

Pauna

Nakukuha ng wuḍū' ang kahalagahan nito sa Islām dahil sa mahigpit na pagkakaugnay nito sa rituwal ng ṣalāh na ibinibilang na pinakadakila sa mga rituwal ng Islām. Dahil dito, kailangan sa Muslim ang magsigasig sa pagkatuto nito at pagsasagawa nito sa tumpak na paraan. Sa araling ito, mapag-aalaman natin ang kahulugan ng wuḍū', ang mga kadahilanan na nag-oobliga nito, ang mga tagapawalang-bisa nito, at ang tumpak na pamamaraan nito.

Ang Kahulugan ng Wuḍū'

Ang wuḍū' ay ang paghuhugas ng mukha, mga kamay, at mga paa; at ang paghaplos sa ulo ayon sa isang itinakdang pamamaraan.

Ang mga Tagapag-obliga ng Wuḍū'

Ang mga tagapag-obliga ng wuḍū' ay ang mga gawain na isinasakundisyon ang wuḍū' para sa mga ito at kinakailangan alang-alang sa mga ito. Kapag nagtamo ng ḥadath ang tao ay ipagbabawal ang mga ito sa kanya. Ang mga ito ay:

Ang ḥadath ay isang paglalarawang pangkahulugan na nasa tao, na humahadlang sa kanya sa pagsasagawa ng ṣalāh bago siya nakapagdalisay at hindi isang bagay na nadarama gaya ng karumihan. Ito ay dalawang uri, na ang isa sa dalawa ay nag-oobliga sa Muslim ng pagsasagawa ng wuḍū' para sa pagpawi nito at ang ikalawa ay hindi napapawi malibang sa pamamagitan ng ghusl.



1 Ang ṣalāh



2 Ang pagsasagawa ng ṭawāf sa paligid ng Ka'bah



3 Ang pagsaling ng muṣḥaf (pisikal na kopya ng Qur'ān)

Papaano tayong magsasagawa ng wuḍū'?

Kapag nagnais ang Muslim na magsagawa ng wuḍū', kailangan sa kanya ang magsagawa ng mga sumusunod na hakbang:

1 Maglalayon siya sa puso niya na magsagawa ng wuḍū' at magsasabi ng: "Bismi –llāh (Sa ngalan ni Allāh)."




2 Maghuhugas siya ng mga kamay niya ng tubig, na nagsisimula sa kanan.



3 Maglilinis siya ng bibig niya sa pamamagitan ng pagpapasok ng tubig sa loob nito, pagkatapos magmumumog siya, pagkatapos magpapalabas siya nito. Ito ay ang tinatawag na maḍmaḍah (pagmumumog).



4 Maglilinis siya ng ilong niya sa pamamagitan ng pagpapasok ng tubig sa loob nito sa pamamagitan ng pagsinghot (istinshāq), pagkatapos magpapalabas siya nito kasabay ng pag-ihip ng hangin palabas ng ilong niya.



5 Maghuhugas siya ng mukha niya nang buo. Ang mga hangganan nito pahaba ay mula sa mga tinutubuan ng buhok sa pinakamataas ng noo hanggang sa pinakababa ng baba kasama ng balbas kung mayroon nito, at ang mga hangganan nito pahalang ay mula sa isang tainga hanggang sa isang tainga.



6 Maghuhugas siya ng mga kamay niya mula sa mga dulo ng mga daliri hanggang sa kasukasuan ng siko, na nagsisimula sa kanang kamay niya.



7 Magbabasa siya ng mga kamay niya ng tubig, pagkatapos maghahaplos siya ng mga ito sa ulo niya, na nagsisimula sa unahan ng ulo hanggang sa batok, pagkatapos magpapanumbalik siya ng mga kamay niya sa harapan.



8 Maghahaplos siya ng mga tainga niya sa pamamagitan ng mga daliri niya: ng mga hintuturo niya sa harapan ng mga tainga, at maghahaplos siya sa likuran ng mga tainga niya sa pamamagitan ng mga hinlalaki.



9 Maghuhugas siya ng mga paa niya hanggang sa mga bukungbukong, ang dalawang butong nakausli sa kasukasuan ng paa, na nagsisimula sa kanang paa niya.



Ang Bilang ng mga Pag-uulit ng Paghuhugas sa mga Bahagi ng Katawan sa Wudū'

Ang sunnah sa wudū' ay ang maghugas ng bawat bahagi nang tatlong ulit maliban sa paghaplos sa ulo at mga tainga sapagkat iisang ulit lamang. Pinapayagan ang magkasya sa iisang paghuhugas ng bahaging hinuhugasan sa kundisyong maghuhugas nito sa kabuuan nito.

Ang mga Tagapawalang-bisa ng Wudū'

Napawawalang-bisa ang wudū' dahil sa isa sa apat na pangyayari:

- Ang paglabas ng anuman mula sa isa sa dalawang labasan gaya ng utot o ihi o dumi o punlay o pamamasa na nasasabayan ng pagkapukaw ng pagnanasa
- Ang paglaho ng isip dahil sa pagkatulog at pagkalango;
- Ang paghipo ng ari nang may pagnanasa nang walang harang
- Ang pagkain ng karne ng kamelyo.

Karagdagang
Pagbabasa



Panoorin ang materyal na pamfilm na ito para sa pamamaraan ng pagsasagawa ng wudū' na mula sa produksiyon ng Osoul Center.



Mag-scan ka sa barcode para mapanood ang video.

Makipagtalakayan ka!



Ang bilang ng ilan sa mga kaparaanang nakatutulong sa pagkatuto ng pagsasagawa ng wudū' at aplikasyon nito sa tumpak na anyo.

.....

.....

.....

.....

.....

.....

.....

.....

.....

.....

.....

.....

.....

.....

.....

Kailan kinakailangan sa akin na mag-ulit ng wuḍū'?

Kapag nakapagsagawa ng wuḍū' ang Muslim, ang batayang panuntunan ay ang pananatili ng wuḍū' niya hanggang sa mangyari rito ang nag-oobliga ng wuḍū' mula sa naunang nabanggit.



Pagsasanay

Maglagay ng bawat parirala mula sa mga sumusunod na parirala sa naaangkop na lagayan nito alinsunod sa pagkakaugnay nito:

Ang paglabas ng ihi

Ang pagsaling ng muḥaf (pisikal na kopya ng Qur'ān)

Ang pagkatulog

Ang ṣalāh

Ang ṭawāf (paglibot) sa paligid ng Ka'bah

Ang paghipo sa ari nang may pagnanasa

Ang pagkain ng karne ng kamelyo

Isinasakundisyon ang wuḍū' para sa mga ito:

Ang mga Tagapawalang-bisa ng Wuḍū'

Ang Paghaplos sa Medyas:

Kapag ang tagapagsagawa ng wuḍū' ay nakasuot ng mga medyas sa mga paa, pinapayagan para sa kanya ang magkasya sa paghaplos sa mga ito ng mga binasang kamay niya sa ibabaw ng mga paa at walang pangangailangan para sa pag-alis sa mga ito at paghuhugas ng mga paa. Isinasakundisyon para roon ang tatlong kundisyon:

Una

Na ang pagkasuot ng mga medyas ay habang nasa isang ṭahārah.

Ikalawa

Na magtakip ang medyas sa paa kasama ng mga bukungbukong.

Ikatlo

Na hindi lumabis ang tagal ng pagkahaplos sa mga ito nang higit sa 24 oras para sa residente o 72 oras para sa manlalakbay.





Mga Tanong Pampagsusuri

Piliin mo ang tumpak na sagot

1

Isaayos ang mga sumusunod na gawain ng wuḍū' nang nagsisimula sa una sa mga ito:

- a) Ang paghaplos sa ulo ☐
- b) Ang pagmumumog ☐
- c) Ang paghugas ng mukha ☐
- d) Ang paghaplos sa mga tainga ☐
- e) Ang paghugas ng mga paa ☐
- f) Ang paghugas ng mga kamay ☐

2

Takdaan ang mga pagsamba na isinasakundisyon ang wuḍū' para sa mga ito mula sa sumusunod:

- ☐ a) Ang ṣalāh
- ☐ b) Ang pag-aayuno
- ☐ c) Ang pagsaling ng muṣḥaf (pisikal na kopya ng Qur'ān)
- ☐ d) Ang adhān
- ☐ e) Ang ṭawāf

3

Piliin mo ang tumpak na sagot.

Ang bilang ng mga tagapawalang-bisa ng wuḍū' sa kabuuan ay:

- ☐ a) 2
- ☐ b) 3
- ☐ c) 4

Ang Ikaapat
na Aralin

Ang Ghusl (Paligo)

Pauna

Mayroong ilan sa mga kalagayan na hindi nakasasapat sa mga ito ang wuḍū' para sa pagsasagawa ng pagsamba; bagkus kinakailangan ang ghusl. Sa araling ito, mapag-aalaman natin ang kahulugan ng ghusl at ang mga kadahilanan na nag-oobliga rito at ang pamamaraan nito.

Ang Kahulugan ng Ghusl

Ang ghusl ay ang paghuhugas sa buong katawan sa pamamagitan ng tubig nang may layunin ng pagpawi na malaking ḥadath.

Papaano tayong magsasagawa ng ghusl?

Hindi makaiwas sa pagsasagawa ng ghusl sa paglalahat ng pagbuhos sa buong katawan ng tubig kalakip ng pagmumumog at istinshāq (pagsinghot at pagsinga ng tubig). Kaya naman kapag gumawa ang Muslim niyon, nadalisay nga siya mula sa malaking ḥadath.

Ang malaking ḥadath ay ang [kalagayang] kinakailangan para sa pagpawi nito ang ghusl at hindi nakasasapat ang wuḍū'. Ito ay mga uri:

1. Ang janābah: isang paglalarawan para sa lalaki at babae kapag may nangyari sa kanila na pagtatalik o paglabas ng punlay nang may pagnanasa kahit pa mula sa hindi pagtatalik.
2. Ang regla: ang dugong buwanang lumalabas mula sa babae.
3. Ang nifās: ang dugong lumalabas mula sa babae matapos ng paglabas ng sanggol mula sa matris niya.

Ang Pamamaraan ng Kumpletong Ghusl

Kapag nagnais ang Muslim na maligo ng isang kumpletong ghushl, kailangan sa kanya ang magsagawa ng mga sumusunod na hakbang:

- 1 Maglalayon siya ng ghushl sa puso niya at maglilinis ng ari niya sa pamamagitan ng tubig.
- 2 Magsasagawa siya ng wuḍū' na tulad ng wuḍū' ng ṣalāh.
- 3 Maghuhugas siya ng buong katawan niya sa pamamagitan ng tubig.

Kailan kinakailangan ang ghushl?

Kinakailangan ang ghushl sa Muslim sa tatlong kalagayan:

Una:

ang paglabas ng punlay nang may pagnanasa, lumabas man ito sa sandali ng pagkagising o pagkatulog.

Ikalawa:

ang pakikipagtalik, may nangyari man sa kanya na paglabas ng punlay o wala.

Ikatlo:

ang paglabas ng dugo ng regla o nifās sa babae ngunit kapag naputol ang pagdurugo, kakailanganin sa kanya ang ghushl.

Makipagtalakayan ka!



Nagpapatunay ng ano ang panuto ng pagsasagawa ng ghushl para sa pagpawi ng malaking ḥadath?

Ang ipinagbabawal gawin para sa junub

Tinatawag na janābah ang kalagayan ng tao na kinailangan sa kanya ang ghusl dahilan sa pakikipagtalik o paglabas ng punlay. Tinatawag naman na junub ang nasasangkot dito. Ipinagbabawal sa kanya sa kalagayang ito:



1 Ang ṣalāh




2 Ang pagsasagawa ng ṭawāf sa paligid ng Ka`bah



3 Ang pagsaling ng muṣḥaf (pisikal na kopya ng Qur`ān) at ang paghawak nito





4 Ang pananatili sa masjid



5 Ang pagbigkas ng Marangal na Qur`ān

Ang Tayammum

Kapag nawalang-kakayahan ang sinumang nagnais na magsagawa ng wuḍū' o ghusl sa paggawa niyon dahil sa hindi pagkakaroon ng tubig o dahil sa kawalang-kakayahan sa paggamit ng tubig dahilan sa karamdaman o iba pa rito, isinasabatas para sa kanya ang tayammum bilang pamalit sa wuḍū' o ghusl. Ang pamamaraan ng tayammum ay: maglalayon siya ng tayammum sa puso niya, magpapalo siya ng mga kamay niya sa lupa nang isang pagpalo, pagkatapos ipanghahaplos niya sa mukha niya ang natitira mula sa bakas ng alabok sa kamay niya, pagkatapos hahaplos siya sa mga kamay niya.



Ano ang gagawin ko kapag nakatagpo ako ng tubig matapos na nagsagawa ako ng tayammum?

Kapag nakatagpo ang Muslim ng tubig o nakakaya siya sa paggamit nito, napawawalang-bisa ang ṭahārah niya at kinakailangan sa kanya ang wuḍū' o ang ghusl matapos niyon.



Mga Tanong Pampagsusuri

1

Hindi makaiiwas sa paglalahat ng pagbuhos sa buong katawan ng tubig nang sa gayon ang ghusl ay maging tumpak na tagapawi ng janābah.

☐ Tumpak ☐ Mali

Hindi kinakailangan ang ghusl sa sandali ng paglabas ng punlay sa kalagayan ng pagkatulog ngunit kinakailangan ito sa kalagayan ng paglabas niyon sa sandali ng pagkagising.

☐ Tumpak ☐ Mali

Hindi pinapayagan para sa junub na manatili sa masjid.

☐ Tumpak ☐ Mali

2

Isinasabatas ang tayammum para sa Muslim sa sandali ng:

- ☐ A. Kawalang-kakayahan sa paggamit ng tubig.
- ☐ B. Pagkawala ng tubig.
- ☐ C. Lahat ng naunang nabanggit.

Ang Ikalimang Aralin

Ang mga Patakarang Natatangi sa Babaing Muslim

Pauna

Nagtangi si Allāh (kamahál-mahalan Siya at kapitá-pitagan) sa babae ng ilan sa mga katangian at mga kakanyahan na nagbubukod sa kanya sa lalaki at nag-obliga rin si Allāh sa kanya ng ilan sa mga pagsamba bukod sa lalaki. Sa araling ito, mapag-aalaman natin ang ilan sa mga patakaran na natatangi sa babaing Muslim.

Ang Kalagayan ng Babae sa Islām

Kabilang sa mga halimbawa ng mga patakarang nauugnay sa paggalang sa babae sa Islām:

- Nagbigay ang Islām sa babae ng karapatan niya sa pagmamana sa isang paghahating makatarungang marangal, na pumapantay ang lalaki sa babae sa ilang bahagi at naiiba ang parte ng babae sa lalaki sa ilang bahagi, alinsunod sa pagkakaanak niya at mga tungkulin ng paggugol na ipinagkatiwala sa kanya.
- Nagpantay ang Islām sa lalaki at babae sa maraming magkakaiba-ibang usapin at kabilang doon ang lahat ng mga transaksyong pampananalapi.
- Nagbigay ang Islām sa babae ng kalayaan sa pagpili ng asawa.
- Nagpanatili ang Islām para sa babae ng pangalan niya at karangalan ng pagkakaugnay ng kaangkanan niya sa ama niya, kaya naman hindi nag-iiba ang pagkaugnay niya matapos ng pag-aasawa; bagkus nanatili siya na nakaugnay sa ama niya at pamilya niya.
- Nag-obliga ang Islām sa lalaki ng pangangalaga sa babae at paggugol sa kanya nang walang panunumbat kung siya ay kabilang sa mga kinakailangan ang paggugol ng lalaki gaya ng maybahay, ina, at anak na babae.
- Nagbigay-diin ang Islām sa karangalan at kainaman ng paglilingkod sa mahinang babae na walang isang maaasahan, kahit pa man siya ay hindi naging kabilang sa mga kaanak, nagpainterelado ito sa pagsisikap sa paglilingkod sa kanya, at gumawa ito niyon bilang kabilang sa pinakamainam sa mga gawain sa ganang kay Allāh.

Karagdagang
Pagbabasa



Panoorin ang materyal na pamvideo na ito na naglalahad ng paghahambing sa kalagayan ng babae sa Islām at sa ilan sa mga iba pang relihiyon.



Mag-scan ka sa barcode para mapanood ang video.

Ang Ugnayan ng Babae sa Lalaki

Nahahati ang ugnayan ng babae sa lalaki sa tatlong bahagi:

Na ang babae ay maybahay ng lalaki	Na ang babae ay kabilang sa mga mahram ng lalaki	Na ang babae ay estranghera sa lalaki
Pinapayagan para sa kanilang dalawa ang hindi pinapayagan sa iba pa sa kanilang dalawa na pagtingin at pagtatamasa. Tumawag nga si Allāh sa asawa bilang kasuutan para sa maybahay at sa maybahay bilang kasuutan para sa asawa, bilang kahanga-hangang larawan ng pagkakaugnay na sikolohikal, emosyonal, at pisikal sa pagitan nilang dalawa.	Ang tinutukoy sa mga mahram ay ang lahat ng ipinagbabawal sa lalaki na mapangasawa ayon sa isang pagbabawal na ipinawalang-hanggan, tulad ng ina, babaing kapatid, babaing anak ng babaing kapatid, babaing anak ng lalaking kapatid, babaing kapatid ng ama, babaing kapatid ng ina, at ina ng maybahay. Ang mga ito ay pinapayagan na pumunta sa harapan ng mga mahram nila nang may gayak nila, na naglalantad ng mga braso, leeg, buhok, at tulad niyon nang walang malisya o paglampas.	Ang babaing estranghera ay ang bawat babaing hindi kabilang sa mga mahram ng lalaki, maging ito man ay kabilang sa mga kaanak niya gaya ng babaing anak ng tiyuhin niya, babaing anak ng tiyahin niya, maybahay ng kapatid niya, mga babaing kamag-anak ng pamilya; o ito ay kabilang sa hindi mga kaanak niya at hindi nag-uugnay sa lalaki sa babae ang ugnayang pampamilya. Naglagay nga ang Islām ng mga panuntunan ng pakikitunguhan sa pagitan ng lalaki at babae gaya ng pagkakailangan ng hijāb at hindi pagsasarilinan.

Ang Hijāb ng Babaing Muslim

Nagsatungkulin si Allāh ng hijāb sa babae, hindi sa lalaki, noong naglagak Siya sa babae ng mga aspeto ng karikitan at mga sanhi ng pag-udyok, na kabilang sa gumagawa sa babae bilang tukso para sa lalaki higit kaysa sa pagiging ang lalaki ay tukso para sa babae. Ang mga hangganan ng hijāb na ito ay na magtakip ang babae sa buong katawan niya sa harap ng mga lalaking estranghero para sa kanya. Ukol naman sa kanya na magsuot ng anumang niloob niya na mga anyo at mga kulay kalakip ng pagsasaalang-alang sa apat na kundisyon:

Una:

Na ang hijāb ay bumabalot sa anumang kinakailangan ang pagtatakip

Ikalawa:

Na ang kasuutan ay malubay, na maluwang, na hindi masikip na nagbibigay-hugis sa mga bahagi ng katawan

Ikatlo:


Na ang kasuutan ay hindi manipis na naglalantad ng mga bahagi ng katawan sa ilalim nito

Ikaapat:

Na ang hijāb ay hindi isang gayak mismo

Ang mga Uri ng mga Dugong Lumalabas Mula sa Babae

May lumalabas mula sa babae na dalawang uri ng mga dugo:



Ang mga Patakaran sa Regla at Nifās

Nagsabatas si Allāh (kamahal-mahalan Siya at kapita-pitagan) para sa nireregla at dinurugo ng ilang patakaran, na kabilang sa mga ito ang sumusunod:

- Ang pagkaalis ng tungkulin ng ṣalāh sa kanilang dalawa, kaya naman hindi kinakailangan sa kanilang dalawa ang ṣalāh sa yugto ng pagreregla at pagdurugo at hindi kinakailangan sa kanilang dalawa ang pagsasagawa ng nakaalpas na ṣalāh matapos ng pagwawakas ng pagreregla at pagdurugo;
- Ang pagtigil sa pag-aayuno, kaya naman hindi pinapayagan para sa kanilang dalawa ang pag-aayuno sa yugto ng pagreregla at pagdurugo, subalit kinakailangan sa kanilang dalawa ang pagsasagawa ng nakaalpas na pag-aayuno sa mga araw na tumigil-ayuno silang dalawa sa Ramaḍān;
- Ang pagbabawal sa pakikipagtalik, kaya naman hindi pinapayagan para sa asawa ang pakikipagtalik sa maybahay niya na nireregla o dinurugo hanggang sa makapagsagawa ito ng ghusl matapos ng pagwawakas ng regla o nifās at pinapayagan naman para sa asawa ang pakikipagromansa nang walang pakikipagtalik sa ari;
- Ang ghusl matapos ng paghinto ng dugo, kaya naman kapag nahinto ang paglabas ng dugo mula sa nireregla o dinurugo, kinakailangan sa kanya ang ghusl gaya ng naunang nabanggit.

Karagdagang
Pagbabasa

Upang mapag-alaman mo ang higit na marami sa pagpaparangal ng Islām sa babae, basahin mo ang aklat na **Al-Mar'ah Fī Ḍill Al-Islām (Ang Babae sa Lilim ng Islām)** na matatagpuan Osoul Store sa ilang wikang pandaigdigang.



Mag-scan ka sa barcode para sa pag-download ng aklat.

Makipagtalakayan ka!

Repasuhin mo ang ilan sa mga kasanhiang mahahango mula sa pag-aalis ng ilan sa mga iniatang pang-Sharī'ah sa babae.

.....

.....

.....

.....



Mga Tanong Pampagsusuri

1

Nag-obliga ang Islām sa lalaki ng pangangalaga sa babae at paggugol sa kanya nang walang panunumbat.

☐ Tumpak ☐ Mali

Hindi isinasakundisyon sa ḥijāb na ito ay maging malubay na maluwang.

☐ Tumpak ☐ Mali

Kapag tumigil ang regla ng babae, kinakailangan sa kanya na magsagawa ng ghusl bago siya magdasal.

☐ Tumpak ☐ Mali

Ang regla ay isang likas na dugo na lumalabas mula sa matris ng babae matapos ng panganganak.

☐ Tumpak ☐ Mali

2

Kinakailangan sa babaing Muslim na magtakip ng buong katawan niya sa harapan ng:

- ☐ A. Mga ibang babae.
- ☐ B. Mga lalaking estranghero.
- ☐ C. Ama ng asawa.

Kinakailangan sa nireregla at dinurugo, kapag tumigil ang dugo, na muling magsagawa ng:

- ☐ A. Ṣalāh.
- ☐ B. Pag-aayuno.
- ☐ C. Lahat ng naunang nabanggit.



Ang Ikaanim
na Aralin

Ang Ṣalāh

Pauna

Itinuturing ang ṣalāh bilang pinakadakila sa mga rituwal ng Relihiyon, na kinakailangan sa Muslim ang matuto nito at ang magsagawa nito. Nagturo nga sa atin ang Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) ng pamamaraan ng pagsasagawa nito sa paraang kinalulugdan sa atin ni Allāh (kamahal-mahalan Siya at kapita-pitagan). Sa araling ito, mapag-aalaman natin ang mga ṣalāh na kinakailangan, ang katayuan nito, ang mga kundisyon nito, at ang pamamaraan ng pagsasagawa nito sa tumpak na paraan.

Ano ang ṣalāh?

Ang ṣalāh ay isang pagsambang pang-araw-araw na naglalaman ng isang kalipunan ng mga sinasabi at mga ginagawa, na nagpapakalapit sa pamamagitan ng mga ito ang Muslim sa Panginoon niya. Isinasagawa ito nang limang ulit sa araw at gabi.

Ang ṣalāh ay ang ikalawang haligi mula sa mga haligi ng Islām.

Ang Katayuan ng Ṣalāh

Namumukod ang ṣalāh sa isang kalipunan ng mga katangian, na kabilang sa mga ito ang sumusunod:

- Ibinibilang ito na ikalawang haligi mula sa mga haligi ng Islām matapos ng Dalawang Pagsaksi.
- Ang pagsamba na kinakailangan ang pagsasagawa nito sa bawat kalagayan: sa kalagayan ng kalusugan at karamdaman, at pagkatiwasay at pangangamba.
- Ang pagsamba na ikinabubukod ng Muslim sa tagatangging-sumampalataya.

Bakit tayo nagsasagawa ng ṣalāh?

Nagsasagawa tayo ng ṣalāh dahil ang ṣalāh ay isang pagsambang isinatungkulin ni Allāh sa mga Muslim.

Kabilang sa mga kasanhian ng ṣalāh at mga katuturan nito:

Isang pang-ugnay sa pagitan ng Muslim at Panginoon niya.

Nagbibigay-kapahingahan ito sa sarili mula sa mga alalahanin ng Mundo.

Nagpapalakas ito sa Muslim ng lakas ng pagnanais at determinasyon.

Humuhubog ito sa mga kaasalan at nagpapalayo ito sa tagapagsagawa nito sa mga nakasasama.



Ang mga Kundisyon ng Ṣalāh


Isinasakundisyon para sa pagsasagawa ng ṣalāh ang ilang kundisyon. Ang mga ito ay:

- Ang ṭahārah. Sumasaklaw ito sa ṭahārah ng katawan at lugar mula sa mga karumihan at ṭahārah mula sa ḥadath sa pamamagitan ng wuḍū' at ghusl.
- Ang pagtatakip ng `awrah (kahubaran). Ang `awrah ay ang kinakailangang takpan mula sa katawan sa harapan ng mga tao. Ang `awrah ng lalaki na kinakailangang takpan sa ṣalāh ay mula sa pusod hanggang sa tuhod. Ang `awrah ng babae na kinakailangang takpan sa ṣalāh ay ang buong katawan niya maliban sa mukha at mga kamay.
- Ang pagharap sa qiblah. Ang qiblah ay ang dako ng Pinarangalang Ka`bah na natatagpuan sa Makkah Mukarramah. Kaya naman kinakailangan sa nagdarasal ang humarap sa dako niyon sa ṣalāh niya.
- Ang pagpasok ng oras ng ṣalāh. Kaya naman hindi natutumpak ang ṣalāh bago ng pagpasok ng oras nito. Hindi pinapayagan ang pagpapaliban nito sa oras nito. Ang pinakamainam ay ang pagsasagawa nito sa simula ng oras nito.

Karagdagang Pagbabasa



Panoorin ang materyal na pamfilm na ito para sa pamamaraan ng pagsasagawa ng ṣalāh mula sa produksiyon ng Osoul Center.



Mag-scan ka sa barcode para mapanood ang video.

Ang Limang Ṣalāh

Nag-obliga si Allāh (kamahal-mahalan Siya at kapita-pitagan) sa mga lingkod Niya na magdasal sila sa araw at gabi ng limang ṣalāh. Ang mga ito ay:

Ang Ṣalāh	Ang simula ng oras nito	Ang wakas ng oras nito	Ang bilang ng mga rak`ah nito
Fajr (madaling-araw)	ang pagsikat ng madaling-araw	ang pagsikat ng araw	2
Ḍuḥr (tanghali):	ang paglihis ng araw (paghilig nito tungo sa dako ng kanluran sa kalagitnaan ng maghapon)	ang pagpantay ng anino ng isang bagay sa haba nito	4
`Aṣr (hapon)	ang pagpantay ng anino ng isang bagay sa haba nito	ang paglubog ng araw	4
Maghrib (pagkalubog ng araw)	ang paglubog ng araw	ang pagkalaho ng pulang takip-silim	3
`Ishā' (gabi)	ang pagkalaho ng pulang takip-silim	ang hatinggabi	4

Papaano tayong magsasagawa ng ṣalāh?

Kapag nagnais ang Muslim na magsagawa ng ṣalāh, kailangan sa kanya ang magsagawa ng mga sumusunod na hakbang:

1 Gugunita siya ng layunin ng ṣalāh sa puso niya.

2 Tatayo siya nang nakaharap sa qiblah, mag-aangat siya ng mga kamay niya sa tabi ng mga balikat niya o mga tainga niya habang nagsasabi siya: "Allāhu akbar. (Si Allāh ay pinakadakila.)"

3

Maglalagay siya ng kanang kamay niya sa kaliwang kamay niya, pagkatapos bibigkas siya ng isang panalangin mula sa mga panalangin ng pagpasok sa ṣalāh, tulad ng: "Subḥānaka –Ilāhumma wa-biḥamdika wa-tabāraka –smuka wa-ta`ālā jadduka wa-lā ilāha ghayruk. (Kaluwalhatian sa Iyo, O Allāh, at kalakip ng papuri sa Iyo. Napakamapagpala ang pangalan Mo, napakataas ang kabunyian Mo, at walang Diyos na iba pa sa Iyo.)" Pagkatapos magsasabi siya ng: "A`ūdhu bi-llāhi mina –shshayṭāni –rrajīm. (Nagpapakupkop ako kay Allāh laban sa demonyong isinumpa.)" Pagkatapos bibigkas siya ng Kabanatang Al-Fātiḥah, pagkatapos magsasabi siya ng: "Āmīn" sa pagkatapos ng pagbigkas nito. Ang kahulugan ng Āmīn ay: "O Allāh, tumugon ka sa panalangin namin." Pagkatapos bibigkas siya, matapos ng Al-Fātiḥah, ng anumang naging madali sa kanya mula sa naisasaulo niya mula sa Marangal na Qur`ān, kahit pa man iisang talata.



4

Mag-aangat siya ng mga kamay niya sa tabi ng mga balikat niya o mga tainga niya habang nagsasabi ng: «Allāhu akbar.» Magyuyuko siya ng likod niya bilang pagyukod. Maglalagay siya ng mga kamay niya sa mga tuhod niya. Maglalagay siya ng likod niya at ulo niya sa iisang nibel. Magsasabi siya sa sandali ng pagkayukod niya ng: «Subḥāna rabbiya –l`aḏīm (Kaluwalhatian sa Panginoon ko, ang Sukdulan)» nang tatlong ulit.

5

Mag-aangat siya ng ulo niya upang manumbalik na nakatindig kasabay ng pag-aangat ng mga kamay niya sa tabi ng mga balikat niya habang siya ay nagsasabi ng: "Sami'a -llāhu liman ḥamidah. (Nakarinig si Allāh sa sinumang nagpuri sa Kanya.)" Pagkatapos magsasabi siya, habang siya ay nakatayo, ng: "Rabbanā wa-laka -lḥamd. (Panginoon namin, at ukol sa Iyo ang papuri.)"



6

Bababa siya sa pagpapatirapa sa lapag para maglagay ng noo niya at ilong niya sa lapag kasabay ng paglalagay ng mga palad niya, mga tuhod, at mga dulo ng mga daliri ng mga paa niya sa lapag; at magsasabi siya ng: "Subḥāna rabbiya -l'a 'lā (Kaluwalhatian sa Panginoon ko, ang Pinakamataas)" nang tatlong ulit.





7

Mag-aangat siya ng ulo niya habang siya ay nagsasabi ng: "Allāhu akbar." Uupo siya sa kaliwang paa niya kasabay ng pamamalagi ng kanang paa niya na nakatukod. Maglalagay siya ng mga kamay niya sa mga hita niya. Magsasabi siya sa sandali ng pagkakaupo niya ng: "Rabbi –ghfir lī. (Panginoon ko, magpatawad Ka sa akin.)"





8

Magpapatirapa siya muli gaya ng unang patirapa. Magsasabi siya, sa sandali ng pagyuko para sa pagpapatirapa, ng: "Allāhu akbar." Gagawin niya sa ikalawang pagpapatirapa niya ang ginawa niya sa unang pagpapatirapa niya.

9

Mag-aangat siya ng ulo niya at titindig siya para sa ikalawang rak'ah habang siya ay nagsasabi ng: "Allāhu akbar." Dadasalin niya ang ikalawang rak'ah gaya ng pagdasil niya sa unang rak'ah nang lubusan.





10


Matapos ng ikalawang pagpapatirapa sa ikalawang rak'ah, uupo siya gaya ng pag-upo niya sa pagitan ng dalawang patirapa, at magsasabi ng: "Attahīyātu lillāhi wa-ṣṣalawātu wa-ṭṭayyibāt, assalāmu `alayka ayyuha –nnabīyu wa-raḥmatu –llāhi wa-barakātuh, assalāmu `alaynā wa-`alā `ibādi –llāhi –ṣṣāliḥīn; ashhadu al lā ilāha illa –llāh, wa-ashhadu anna muḥammadan `abduhu wa-rasūluh. (Ang mga pagbati ay ukol kay Allāh, at ang mga dasal at ang mga kaaya-ayang gawain. Ang kapayapaan ay sumaiyo, O Propeta, at ang awa ni Allāh at ang mga biyaya Niya. Ang kapayapaan ay sumaamin at sa mga maayos na lingkod ni Allāh. Sumasaksi ako na walang Diyos kundi si Allāh at sumasaksi ako na si Muḥammad ay Lingkod Niya at Sugo Niya.)" Tinatawag ito na Unang Tashahhud. Pagkatapos magsasabi siya, matapos nito, ng:

"Allāhumma ṣalli `alā muḥammadin wa-`alā āli muḥammadin, kamā ṣallayta `alā ibrahīma wa-`alā āli ibrahīm, innaka ḥamīdum majīd. Allāhumma bārik `alā muḥammadin wa-`alā āli muḥammad, kamā bārakta `alā ibrahīma wa-`alā āli ibrahīm, innaka ḥamīdum majīd. (O Allāh, basbasan Mo si Muḥammad at ang mag-anak ni Muḥammad gaya ng pagbasbas Mo kay Abraham at sa mag-anak ni Abraham; tunay na Ikaw ay Kapuri-puri, Maringal. O Allāh, pagpalain Mo si Muḥammad at ang mag-anak ni Muḥammad gaya ng pagpapala Mo kay Abraham at sa mag-anak ni Abraham; tunay na Ikaw ay Kapuri-puri, Maringal.)" Tinatawag ito na Ṣalāh Ibrāhīmīyah (Basbas na Abrahamiko).



11

Lilingon siya sa dakong kanan niya habang nagsasabi ng: "Assalāmu `alaykum wa-raḥmatu –llāh (Ang kapayapaan ay sumainyo at ang awa ni Allāh)," pagkatapos lilingon siya sa dakong kaliwa niya naman habang nagsasabi ng tulad niyon. Sa pamamagitan niyon nagwawakas ang ṣalāh niya.



Ang pamamaraang ito, kapag ang ṣalāh niya ay dalawang rak'ah, ay gaya ng ṣalāh sa fajr at ṣalāh sa jumu'ah (Biyernes). Hinggil naman sa kapag ang ṣalāh ay tatlong rak'ah gaya ng ṣalāh sa maghrib; o apat na rak'ah gaya ng sa mga ṣalāh sa ḍuhr, `aṣr, at `ishā; tunay na siya, matapos ng pagwawakas ng Unang Tashahhud, ay magkukumpleto ng natitira sa mga rak'ah gaya ng sa unang rak'ah, gayon pa man siya ay hindi bibigkas ng anuman matapos ng Al-Fātiḥah. Pagkatapos uupo siya gaya ng pag-upo niya matapos ng ikalawang rak'ah at magsasabi siya ng Unang Tashahhud, pagkatapos ng Ṣalāh Ibrāhīmīyah naman, pagkatapos magsasagawa siya ng taslīm.

Ang Ṣalāh sa Jumu`ah (Biyernes)

- Nagsatungkulin si Allāh (kamahal-mahalan Siya at kapita-pitagan) sa mga Muslim ng pagsasagawa ng ṣalāh lalo na sa araw ng Biyernes. Tinatawag ito na ṣalāh sa Biyernes. Mayroon itong isang pamamaraang natatangi at mga kundisyong natatangi: ito ay pamalit sa ṣalāh sa ḍuhr para sa araw na iyon.
- Magtitipon ang mga Muslim alang-alang dito sa masjid saka magtatalumpati sa kanila ang tagapagtalumpati (khaṭīb) ng masjid ng dalawang talumpati (khuṭbah). Pagkakatapos mamuno siya sa kanila sa ṣalāh na dalawang rak`ah, na nilalakan niya sa dalawang [rak`ah na] ito ang pagbigkas ng Qur`ān.
- Isinasabatas ang pagsasagawa ng ghusl para sa pagdalo sa ṣalāh sa Biyernes at ang pagpapaaga sa pagdalo roon. Hindi pinapayagan ang pagliban doon malibang dahil sa isang maidadahilan. Ang sinumang lumiban doon, tunay na siya ay magdarasal ng ṣalāh sa ḍuhr na apat na rak`ah, na hindi niya nilalakan dito ang pagbigkas ng Qur`ān.
- Hindi kinakailangan ang ṣalāh sa Biyernes sa babae at manlalakbay.

Makipagtalakayan ka!



Magrepaso ka kasama ng mga kaklase mo ng ilan sa mga hamon na humaharap sa Muslim at humahadlang sa kanya sa pagsasagawa ng ṣalāh sa oras nito at kung papaano maisasagawa ang paglampas sa mga hamong ito.



{O mga sumampalataya, kapag nanawagan para sa pagdarasal sa araw ng Biyernes ay magmadali kayo sa pag-alaala kay Allāh at iwan ninyo ang pagtitinda. Iyon ay higit na mabuti para sa inyo kung kayo ay nakaaalam.} (Qur`ān 62:9)



Mga Tanong Pampagsusuri

1

Pinapayagan para sa Muslim na magdasal ng tungkuling ṣalāh kahit bago pumasok ang oras nito.

☐ Tumpak ☐ Mali

Nagtatapos ang oras ng ṣalāh sa fajr sa sandali ng pagsikat ng araw.

☐ Tumpak ☐ Mali

2

Bumanggit ka ng dalawang pagsamba kabilang sa mga pagsambang natatangi sa araw ng Biyernes.

.....
.....

Ano ang epekto ng limang ṣalāh sa pang-araw-araw na buhay ng Muslim?

.....
.....

Sa pamamagitan ng pagdalaw mo sa website na ito: <https://islamicfiqh.net/en>, magsalita ka tungkol sa hatol sa tagapag-iwan ng ṣalāh sa Islām.

.....
.....

3

Ang `awrah na kinakailangan sa lalaki ang magtakip nito sa ṣalāh ay:

- ☐ A. Ang buong katawan maliban sa mukha, mga kamay, at mga paa.
☐ B. Mula sa pusod hanggang sa tuhod.
☐ C. Mula sa balikat hanggang sa tuhod.

Ang dako na kinakailangan sa nagdarasal na humarap doon ay:

- ☐ A. Ang dako ng hilaga.
☐ B. Ang dako ng kanluran.
☐ C. Ang dako ng Ka`bah.

Magsasabi ang nagdarasal sa pagkapatirapa niya ng:

- ☐ A. Subḥāna rabbiya –l-`aḏīm (Kaluwalhatian sa Panginoon ko, ang Sukdulan).
☐ B. Subḥāna rabbiya –l-`a`lā (Kaluwalhatian sa Panginoon ko, ang Pinakamataas).
☐ C. Rabbi –ghfir lī (Panginoon ko, magpatawad Ka sa akin).



Ang Ikapitong Aralin

Ang Zakāh

Pauna

Magmula ng matandang panahon, samantalang ang sangkatauhan sa lupang ito ay namumuhay nang may mga antas na nagkakaiba-iba, kabilang na sa kanila ang mayaman na nagmamay-ari ng maraming yaman at kabilang na sa kanila ang maralita na hindi nakatatagpo ng makakain niya. Ito ay isang kalakaran kabilang sa mga kalakaran ni Allāh sa Sansinukob na ito. Nag-obliga nga ang Islām sa mga yaman ng mga mayaman ng isang tungkuling gagampanan nila sa mga maralita upang makatulong sila sa mga ito at makapagpagaan sila sa mga ito ng kasidhian ng karukhaan. Nag-udyok ito na magkaloob ang Muslim mula sa mga yaman niya ng higit kaysa sa kinakailangan sa kanya. Gumawa ito bilang ganti para roon ng mga dakilang pabuya na tatamuhin ng Muslim sa buhay niya at matapos ng kamatayan niya. Nag-udyok din ito ng paggawa ng maganda sa mga maralita sa bawat oras at sa bawat okasyon. Nagpaibig ito sa pagpapakain sa mga nagugutom at pagpapademit sa mga hubad. Ang lahat ng ito ay nang sa gayon magbukluran ang lipunang Muslim at sila ay maging gaya ng ninais ni Allāh (kamahal-mahalan Siya at kapita-pitagan). Sa araling ito, mapag-aalaman natin ang hatol sa zakāh, ang pamamaraan niyon, at ang mga yaman na kinakailangan ang zakāh sa mga ito.

Ano ang zakāh?

Ang zakāh ay ang pagpapalabas ng isang parteng tinantiya mula sa mga yaman ng mga mayaman ng mga Muslim, na ibinibigay sa mga maralita nila. Ito ay ang ikatlong haligi mula sa mga haligi ng Islām.

Karagdagang
Pagbabasa



Panoorin ang materyal na pamvideo na ito na nagsasalita tungkol sa zakāh at epekto nito sa lipunan. Ito ay mula sa produksiyon ng Osoul Center.



Mag-scan ka sa barcode para mapanood ang video

Bakit tayo nagbibigay ng zakāh?

Nagbibigay tayo ng zakāh bilang pagsunod sa utos ni Allāh na nagsatungkulin sa atin ng zakāh.

Kabilang sa mga kasanhian ng zakāh at mga katuturan nito:

Una

Ang pagdadalisay ng sarili mula sa pagkahumaling sa yaman at karamutan dito.

Ikalawa

Ang pagpaparami ng yaman sapagkat tunay ang zakāh ay hindi nakababawas dito, bagkus nakadaragdag sa yaman at pinagpapala pa ito.

Ikatlo

Ang pagtulong sa mga nangangailangan kabilang sa mga maralita, mga dukha, at mga iba pa sa kanila.

Ano ang mga yaman na kinakailangan sa mga ito ang zakāh?



Ang ginto at ang pilak



Ang mga salapi



Ang mga pananim at ang mga bunga



Ang hayop ng mga hayupan

Ang mga paninda ng kalakal ay ang bawat inihanda sa layon ng pangangalakal gaya ng bahay o tindahan o kotse o hayop at iba pa roon.

Ang mga paninda ng kalakal



Ang hayop ng mga hayupan ay ang kamelyo, ang baka, at ang tupa.



Papaanong kinakaltas ng zakāh ang mga salapi?

Nagkakaltas ng zakāh ang Muslim sa mga yamang salapi niya, na kinakailangan sa mga ito ang zakāh, nang isang beses sa isang taon na panghijrah. Ang kantidad ng zakāh ay 2.5%. Ibinibigay ang zakāh sa mga maralita at mga nangangailangan.



Pagsasanay

Maglagay ng bawat parirala mula sa mga sumusunod na parirala sa naaangkop na lagayan nito alinsunod sa pagkakaugnay nito:

ang ginto at ang pilak

ang relo ng kamay

kantidad ng salapi

mga muwebles ng tirahan

ang mga manok

ang mga tupa

ang taniman ng mansanas

Kinakailangan na kumaltas ng zakāh sa mga ito ang Muslim.

Sa mga ito ay walang zakāh.

Makipagtalakayan ka!



Ano ang mga epekto na nagreresulta sa pagpapalabas ng lahat ng mga mayaman ng mga zakāh nila?

.....

.....

.....

.....



Mga Tanong Pampagsusuri

1

Manood ka ng video clip na ito na: “Why do Muslims pay zakat?” pagkatapos magsalita ka tungkol sa mga matayog na kahulugan ng pag-oobliga ng zakāh.



.....

.....

.....

.....

.....

.....

.....

.....

.....

.....

2

Kinakailangan sa Muslim na magbigay ng zakāh ng mga yamang salapi niya:

- ☐ A. Nang isang beses sa tanang buhay.
- ☐ B. Nang isang beses sa isang taon.
- ☐ C. Nang isang beses sa isang buwan.

Ang kantidad ng zakāh ng mga yamang salapi ay:

- ☐ A. 25%
- ☐ B. 10%
- ☐ C. 2.5%



Ang Ikawalong Aralin

Ang Pag-aayuno

Pauna

Itinuturing ang pag-aayuno na kabilang sa mga pagsamba na isinatungkulin ni Allāh (kamahal-mahalan Siya at kapita-pitagan) sa lahat ng mga kalipunan at sa Islām sapagkat tunay na ang Muslim ay nagsasagawa ng tungkuling ito bilang pagtalima kay Allāh (napakataas Siya). Sa araling ito, mapag-aalaman natin ang ibig sabihin ng pag-aayuno, ang mga tagasira nito, at ang ilan sa pinakamahalaga sa mga patakaran nito.

Ano ang pag-aayuno?

Ang pag-aayuno ay isang pagsambang nagpipigil dito ang Muslim sa pagkain, pag-inom, at pakikipagtalik mula sa pagsapit ng madaling-araw hanggang sa paglubog ng araw.

Ang pag-aayuno sa buwan ng Ramaḍān ay ang ikaapat na haligi mula sa mga haligi ng Islām.

Bakit tayo nag-aayuno?

Nag-aayuno ang Muslim bilang pagtalima kay Allāh (napakataas Siya) at bilang pagtugon sa utos Niya.

Kabilang sa mga kasanhian ng pag-aayuno at mga katuturan nito:

- Ang pagsasakatuparan ng pangngilag magkasala sa pamamagitan ng pagpaparami ng pagsamba at pagpapakaunti ng mga pagsuway.
- Na makaramdam ng hapdi ng pagkagutom na dumadapo sa mga maralita at mga nangangailangan.
- Na mapalaya ang sarili mula sa mga pagnanasa nito at maensayo ito sa pagdisiplina rito at pagkontrol dito.



Nagsatungkulin si Allāh ng pagsamba ng pag-aayuno sa mga Muslim at sa iba pa sa kanila kabilang sa mga naunang kalipunan, gaya ng sinabi Niya (napakataas Siya): **{O mga sumampalataya, isinatungkulin sa inyo ang pag-aayuno kung paanong isinatungkulin ito sa mga *bago pa ninyo,* nang sa gayon kayo ay mangingilag magkasala.}** (Qur'ān 2:183)

Ang mga Tagasira ng Pag-aayuno

Kinakailangan sa tagapag-ayuno ang magpigil sa isang kalipunan ng mga bagay, na kapag ginawa niya ay masisira ang pag-aayuno niya. Ang mga ito ay:

- 1 Ang pagkain at ang pag-inom, at napaloloob sa kahatulan sa dalawang ito ang pagpapaturok ng dextrose.
- 2 Ang pagpapalabas ng punlay nang sadyaan, maging ito man ay sa pamamagitan ng pakikipagtalik o mula sa hindi pakikipagtalik. Ang pakikipagtalik sa maghapon ng Ramaḍān ay isang mabigat na pagkakasala.
- 3 Ang pagsuka nang sadyaan.

Hinggil naman sa babae, nasisira ang pag-aayuno niya gayon din sa sandali ng:

- 4 Paglabas ng dugo ng regla o dugo ng nifās.

Ang Pinagpalang Buwan ng Ramaḍān

Ito ay ang ikasiyam na buwan ng taon na panghijrah. Ito ay isang pinagpalang buwan, na nagpababa si Allāh dito ng Qur'ān sa Sugo Niyang si Muḥammad (sumakanya ang basbas at ang pangangalaga). Gumawa si Allāh (napakataas Siya) sa pag-aayuno sa maghapon nito at ng ṣalāh sa gabi nito bilang kadahilanan para sa kapatawaran ng mga pagkakasala. Nagtangi rito si Allāh (napakataas Siya) ng isang gabi na higit na mainam kaysa sa isang libong buwan, na tinatawag na Gabi ng Pagtatakda. Ang sinumang nagbigay-buhay rito sa pamamagitan ng dhikr at ṣalāh, patatawarin siya sa nauuna mula sa pagkakasala niya.



Nagsasagawa ang mga Muslim ng ṣalāh na tarāwīḥ sa buwan ng Ramaḍān. Ito ay kabilang sa mga sunnah na nauugnay sa pag-aayuno at isinasagawa matapos ng ṣalāh sa 'ishā'.

Sino ang mga pinapayagan sa pagtigil-ayuno sa Ramaḍān?

Pumayag si Allāh (kamahal-mahalan Siya at kapita-pitagan) sa pagtigil-ayuno sa maghapon ng Ramaḍān para sa ilang uri ng mga tao. Sila ay:

- 1 Ang maysakit na napipinsala sa pag-aayuno.
- 2 Ang matanda sa edad na nawawalang-kakayahan sa pag-aayuno.
- 3 Ang manlalakbay sa sandali ng paglalakbay niya.
- 4 Ang nireregla at ang dinurugo.
- 5 Ang nagdadalang-tao at ang tagapagpasuso kapag nangamba sila para sa mga sarili nila o para sa mga anak nila.

Mga Pagtawag-pansing Nauugnay sa Pag-aayuno:



- Ang sinumang tumigil-ayuno sa Ramaḍān dahil sa isang maidadahilan, tunay na siya ay mag-aayuno, para sa bawat araw na tumigil-ayuno siya, sa ibang araw sa hindi Ramaḍān.
- Kapag tumigil-ayuno ang maysakit dahil sa sakit na hindi naaasam ang paggaling, tunay na naalis sa kanya ang tungkulin ng pag-aayuno sa Ramaḍān at magpapakain siya ng isang dukha para sa bawat araw na tumigil-ayuno siya.
- Kapag ang Muslim na matanda ang edad ay hindi nakakakaya ng pag-aayuno nang lubusan, tunay na naalis sa kanya ang tungkulin ng pag-aayuno sa Ramaḍān at magpapakain siya ng isang dukha para sa bawat araw na tumigil-ayuno siya.




Kumakain ang mga Muslim ng pagkain ng pagtigil-ayuno kasabay ng adhān ng maghrib. Nagsisigagang marami sa mga Muslim sa pakikilahok sa mga kapatid nila sa pagtigil-ayuno.



Mga Tanong Pampagsusuri

1

Sa pamamagitan ng panonood mo ng video clip na ito: "Why Do Muslims Fast Ramadan?" magsalita ka tungkol sa mga epekto na nakakamit ng Muslim mula sa pag-aayuno.



2

Pinayagan ni Allāh ang pagtigil-ayuno sa ilang klase ng mga tao. Bumanggit ka ng ilan sa kanila at magsalita ka tungkol sa kasanhian niyon.

3

Kinakailangan sa Muslim, sa sandali ng pag-aayuno niya, na magpigil sa:

- ☐ A. pagkain at pag-inom.
- ☐ B. pakikipagtalik.
- ☐ C. lahat ng naunang nabanggit.

Ang bilang ng mga bagay na sumisira ng pag-aayuno ay:

- ☐ A. 6.
- ☐ B. 5.
- ☐ C. 4.



Ang Ikasiyam na Aralin

Ang Ḥajj

Pauna

Ibinibilang ang ḥajj na isa sa mga haligi ng Islām. Ito ay kabilang sa pinakamainam sa mga gawain na ipinapampalapit-loob ng Muslim kay Allāh (kamahal-mahalan Siya at kapita-pitagan). May nasaad nga kaugnay sa kainaman nito na maraming ḥadīth buhat sa Sugo (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan). Sa araling ito, may mapag-aalaman tayo na kaunting impormasyon tungkol sa dakilang rituwal na ito.

Ano ang ḥajj?

Ang ḥajj ay isang pagsambang pumupunta sa Makkah Mukarramah alang-alang dito ang nakakakayang Muslim para magsagawa ng mga itinakdang pagsamba sa buwan ng Dhulḥijjah, ang huling buwan ng taon na panghijrah.

Ang ḥajj ay ang ikalimang haligi mula sa mga haligi ng Islām.

Ang taon na panghijrah ay isang pagtukoy sa pinagpalang paglikas (hijrah) ng Propeta mula sa Makkah Mukarramah papunta sa Madīnah. Pinili nga ni Khalifah `Umar bin Al-Khaṭṭāb (malugod si Allāh sa kanya) ang taon ng paglikas (hijrah) ng Sugo upang maging simula ng pagtutuos ng petsang pang-Islām na panghijrah. Ang taon na panghijrah ay binubuo ng 12 buwan na nagsisimula sa buwan ng Muḥarram at nagtatapos sa buwan ng Dhulḥijjah. Sumalig ang mga Muslim sa pagpepetsa ng mga pangyayari at mga kaganapan sa taon na panghijrah.

Nagsasagawa ng hajj ang Muslim sa Makkah Mukarramah bilang pagtugon sa panawagan ni Allāh (napakataas Siya) sa pagsasagawa ng hajj sa Bahay na Pinakababanal.

- Ang pagtulad sa mga marangal na propeta na nagsagawa ng hajj sa Bahay na Pinakababanal.
- Ang pagpapakaabala sa pagsamba sapagkat ang tagapagsagawa ng hajj ay nananatili ng ilang araw na naglalaan ng sarili para sa pagsamba, na lumilipat mula sa isang pagsamba papunta sa isa pang pagsamba.
- Ang pakikipagkita sa mga Muslim na nagtitipon sa mga pinagdarausang binanal, ang pakikipagkilala sa kanila, at ang pagtatayo ng mga tulay ng pagkakaugnayan sa kanila.

Makipagtalakayan ka sa mga kaklase mo na nakapagsagawa ng tungkulin ng hajj at pakaalamin mo mula sa kanila ang mga nararamdaman nila sa sandali ng pagsasagawa niyon.

Sa kanino kinakailangan ang pagsasagawa ng hajj?

Kinakailangan ang magsagawa ng hajj nang isang beses sa tanang buhay sa sinumang nakakakaya nito kabilang sa mga lalaking Muslim at mga babaing Muslim. Kaya naman ang bawat sinumang nakakakaya sa pagsasagawa ng hajj sa pangangatawan at sa pananalapi, tunay na ang hajj ay kinakailangan sa kanya.

Mga Pagtawag-pansing Nauugnay sa Pagsasagawa ng Hajj



- Hindi maaari para sa Muslim ang magsagawa ng hajj maliban sa isang itinanging lugar, ang Makkah Mukarramah, at sa isang itinanging panahon ng taon.
- Sumasaklaw ang hajj sa isang bilang ng mga pagsamba na nararapat sa Muslim ang matuto ng mga ito bago ng pagpunta niya roon para magsagawa ng hajj.




Isinasagawa ang hajj sa bawat taon ng grupo ng mga Muslim mula sa iba't ibang bansa. Nagkakaisa sila sa kasuutan nila sapagkat hindi nagkakaroon ng pagtatangi sa pagitan ng mayaman at maralita sa kanila.



Mga Tanong Pampagsusuri

1

Sa pamamagitan ng panonood mo ng video clip na ito: "Why Do Muslims Perform Pilgrimage (Hajj)?" magsalita ka tungkol sa mga aspeto ng pakikipagsang-ayon ng pagsamba na hajj sa naturalesang pantao.



2

Nagsasagawa ang mga Muslim ng tungkulin ng pagsasagawa ng hajj sa:

- ☐ A. Buwan ng Ramaḍān.
- ☐ B. Buwan ng Dhulḥijjah.
- ☐ C. Buwan ng Disyembre.

Kinakailangan ang hajj sa Muslim:

- ☐ A. Isang beses sa tanang buhay.
- ☐ B. Dalawang beses sa tanang buhay.
- ☐ C. Sa tuwing nakaya na magsagawa ng hajj.

Pagsusuring Pansarili

	Ang Layong Pampagtuturo	Antas ng Paghahalaga			
		Hindi	Mahina	Magaling	Mahusay
1	Nakaiintindi ka na ba ng kahulugan ng pagsamba?				
2	Nakakaya mo ba na banggitin ang mga kundisyon ng pagsamba?				
3	Nakakaya mo ba na banggitin ang mga uri ng mga pagsamba?				
4	Naiintindihan mo ba ang kahulugan ng ṭahārah?				
5	Nalalaman mo ba ang mga uri ng ṭahārah?				
6	Nakakaya mo ba na ipaliwanag ang pamamaraan ng wuḍū'?				
7	Nalalaman mo ba kung ano ang mga tagapawalang-bisa ng wuḍū'?				
8	Nalalaman mo ba kung ano ang mga patakaran ng pagpahid sa mga medyas?				
9	Nalalaman mo ba kung ano ang pamamaraan ng ghusl?				
10	Nalalaman mo ba kung ano ang mga tagapag-obliga ng ghusl?				
11	Nalalaman mo ba kung ano ang ipinagbabawal gawin ng junub?				
12	Nalalaman mo ba kung ano ang mga uri ng mga dugong lumalabas mula sa babae?				
13	Nalalaman mo ba kung ano ang mga mahalagang patakaran sa mga dugo ng babae?				
14	Naiintindihan mo ba ang kahulugan ng ṣalāh?				
15	Naiintindihan mo ba kung bakit tayo nagsasagawa ng ṣalāh?				
16	Nalalaman mo ba kung ano ang mga kundisyon ng ṣalāh?				
17	Nalalaman mo ba kung ano ang limang ṣalāh?				
18	Nalalaman mo ba kung ano ang pamamaraan ng ṣalāh?				

	Ang Layong Pamgpagtuturo	Antas ng Paghahalaga			
		Hindi	Mahina	Magaling	Mahusay
19	Nalalaman mo ba kung ano ang mga patakaran sa ṣalāh sa Biyernes?				
20	Nakakaya mo ba na maintindihan ang kahulugan ng zakāh?				
21	Naiintindihan mo ba kung bakit tayo nagbibigay ng zakāh?				
22	Nakakaya mo ba na malaman ang mga yaman na kinakailangan sa mga ito ang zakāh?				
23	Nakakaya mo ba na malaman ang mga kundisyon ng zakāh?				
24	Nakakaya mo ba na malaman ang mga klase ng mga karapat-dapat para sa zakāh?				
25	Naiintindihan mo ba ang kahulugan ng pag-aayuno?				
26	Nakakaya mo ba na maintindihan kung bakit tayo nag-aayuno?				
27	Nakakaya mo ba na malaman ang kinakailangang pag-aayuno?				
28	Nakakaya mo ba na malaman ang mga tagasira ng pag-aayuno?				
29	Nakakaya mo ba na malaman kung para kanino pinapayagan ang pagtigil-ayuno sa Ramaḍān?				
30	Naiintindihan mo ba ang kahulugan ng ḥajj?				
31	Naiintindihan mo ba kung bakit tayo nagsasagawa ng ḥajj?				
32	Nalalaman mo ba kung sa kanino kinakailangan ang ḥajj?				
33	Nakakaya mo ba na magsagawa ng isang tumpak na wuḍū'?				
34	Nakakaya mo ba na magsagawa ng isang tumpak na ghusl?				
35	Nakakaya mo ba na magsagawa ng isang tumpak na ṣalāh?				
36	Nararamdaman mo ba ang kaginhawahan ng Relihiyong Islām at ang kaluwagan nito?				



Ang Ikaapat na Yunit

Mga Patakarang Islāmiko



Mga Aralin ng Yunit

- 1 Ang Kasuutan
- 2 Ang Pagkain at ang Inumin
- 3 Ang mga Transaksiyong Pampananalapi
- 4 Ang mga Kaasalan





Ang Unang Aralin

Ang Kasuutan

Pauna

Ang kasuutan na isinusuot ng tao ay isang biyaya mula sa mga biyaya ni Allāh sa kanya, gaya ng sinabi ni Allāh (napakataas Siya): {O mga anak ni Adan, nagpababa nga Kami sa inyo ng kasuutan na magbabalot sa kahubaran ninyo at bilang gayak. Ang kasuutan ng pangangilag magkasala, iyon ay higit na mabuti. Iyon ay kabilang sa mga tanda ni Allāh, nang sa gayon sila ay magsasaalaala.} (Qur'ān 7:26) Sa araling ito, mapag-aalaman natin ang ilan sa mga patakarang nauugnay sa kasuutan.

Ang Batayang Panuntunan sa Kasuutan:

Ang batayang panuntunan sa kasuutan ay ang pagpayag. Kaya naman hindi ipinagbabawal ang anuman mula rito maliban sa nasaad ang pagbabawal dito sa Marangal na Qur'ān o Pampropetang Sunnah.

Ang batayang panuntunan sa mga transaksyon – at kabilang sa mga ito ang kasuutan – ay ang pagpayag. Kaya naman walang pagbabawal malibang may patunay. Ang lahat ng mga kasuutang ipinagbabawal na nabanggit dito ay may nasaad kaugnay sa mga ito na isang pagbabawal sa Marangal na Qur'ān man o Pampropetang Sunnah man.

Makipagtalakayan ka!



Ano ang mga pangangailangan na naisasakatuparan sa pamamagitan ng kasuutan?

.....

.....

.....

Ang mga Kasuutang Ipinagbabawal

Nagbawal si Allāh (kamahal-mahalan Siya at kapita-pitagan) ng mga uri ng mga kasuutan, na kabilang sa mga ito ang sumusunod:

- Ang naglalantad ng 'awrah at hindi nagtatakip nito;
- Ang may pagpapakawangis sa ibang kasarian gaya ng pagsusuot ng mga lalaki ng mga isinusuot ng mga babae o ng pagsusuot ng mga babae ng mga isinusuot ng mga lalaki;
- Ang nagpaparamdam ng pagkamapagmalaki at kahambugan;
- Ang may pagsasayang at pagwawaldas.
- Ipinagbabawal sa mga lalaki ang pagsusuot ng seda at ang pag-aalahas ng ginto.
- Ipinagbabawal ang pagsusuot ng may pagpapakawangis sa mga natatanging kasuutan ng mga tagatangging-sumampalataya gaya ng damit ng mga ministro at mga monghe, halimbawa.

Ang mga hangganan ng 'awrah ng lalaki ay mula sa pusod hanggang sa tuhod. Hinggil naman sa babae, ang kabuuan niya ay 'awrah sa harapan ng mga lalaking estranghero. Hinggil naman sa mga mahram niya gaya ng ama, lalaking anak, at lalaking kapatid, makapaglalantad siya sa mga ito ng nailalantad niya sa harapan ng mga babae, gaya ng mukha, buhok, leeg, mga braso, at mga binti.

Makilahok ka sa mga kaklase sa pag-alam sa mga tagapagdahilan ng pagbabawal sa ilang uri ng mga kasuutan.



Sumaway ang Sugo (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) laban sa pagpapakawangis ng mga lalaki sa mga babae. Sumasaklaw ang pagsaway na ito sa uri ng kasuutan at paraan ng pagsasalita. Ibinilang ang pagpapakawangis na ito na kabilang sa malalaki sa mga pagkakasala na nagpapaobliga ng parusa ni Allāh at pagdurusang dulot Niya sa sinumang gumagawa nito at hindi nagbalik-loob mula rito. Ang Islām ay nagnanais na ang kalikasan ng lalaki at ang anyo niya ay maging nabubukod sa kalikasan ng babae. Gayon din ang ninais ng Islām para sa babae. Kaya iyon ay ang patunay ng matinong naturalesa at tumpak na lohika.



Pagsasanay

Takdaan mo ang kasuutang ipinagbabawal sa lalaki lamang at ang magkalahok ang pagbabawal sa mga ito sa lalaki at babae:

Ang naglalantad ng 'awrah at hindi nagtatakip nito


Ang may pagpapakawangis sa pagitan ng dalawang kasarian

Ang may pagsasayang at pagwawaldas;

Ang nagpaparamdam ng pagkamapagmalaki at kahambugan;

Ang pagsusuot ng seda at ginto

Ang pagpapakawangis sa mga isinusuot ng mga tagatangging-sumampalataya



Makipagtalakayan ka!



Maaari ba na ang mga pauso ng mga damit o ang mga kaugalian o ang mga tradisyon o ang mga sistema ay maging ang reperensiya na sa pamamagitan nito natatakdaan ang kasuutang nababagay para sa lalaki o babae?

.....

.....

.....

.....

.....

.....

.....



Mga Tanong Pampagsusuri

1

Magnilay-nilay ka sa mga kasuutang ipinagbabawal, pagkatapos mag-isip ka kaugnay sa mga kasanhian na hiniling ng pagbabawal sa mga ito.

.....

.....

.....

.....

.....

.....

2

Piliin mo ang tumpak na sagot.

■ Ang pagsusuot ng ginto ay ipinagbabawal sa:

- ☐ A. Mga lalaki.
- ☐ B. Mga babae.
- ☐ C. Mga paslit.

■ Ipinagbabawal sa mga lalaki:

- ☐ A. Ang pagsusuot ng lana.
- ☐ B. Ang pagsusuot ng seda.
- ☐ C. Ang lahat ng naunang nabanggit.

Ang Ikalawang Aralin

Ang Pagkain at ang Inumin

Pauna

Nagtuturing ang Muslim sa pagkain at inumin bilang ang mga ito ay bahagi ng mga biyaya ni Allāh na nagpapaobliga ng pasasalamat at bahagi ng pagpapasalamat para sa mga ito ang pangilingag magkasala sa pamamagitan ng mga ito sa pagsasagawa ng mga pagsamba. Sa araling ito, mapag-aalaman natin ang isang kalipunan ng mga patakaran at mga magandang asal na nauugnay sa pagkain at inumin. Mapag-aalaman din natin ang mga pagkaing ipinagbabawal, na kinakailangan sa Muslim ang umiwas sa mga iyon.

Ang Batayang Panuntunan sa Pagkain at Inumin:

Ang batayang panuntunan sa mga pagkain at mga inumin ay ang pagpayag. Kaya naman hindi ipinagbabawal ang anuman mula sa mga ito maliban sa nasaad ang pagbabawal sa Marangal na Qur'ān o Pampropetang Sunnah. Nagsabi Siya (napakataas Siya): {O mga tao, kumain kayo mula sa nasa lupa bilang ipinahihintulot na kaaya-aya} (Qur'ān 2:168)

Ang mga Pagkain at ang mga Inumin na Ipinagbabawal:

Nagbawal si Allāh (kamahal-mahalan Siya at kapita-pitagan) ng mga klase ng mga pagkain at mga inumin, na kabilang sa mga ito ang sumusunod:

- Ang alak sapagkat ito ay nag-aalis ng pag-iisip at ang pangangalaga sa pag-iisip ay isang pinapakay kabilang sa mga pinapakay ng Shari'ah na Islāmiko;
- Ang mga droga sapagkat ang mga ito ay nagwawasak ng pag-iisip at katawan;
- Ang anumang namatay na mga hayop nang walang pagkakatatay o hindi binanggit ang pangalan ni Allāh sa pagkakatatay;
- Ang karne ng baboy sapagkat tunay na ito ay isang maruming karne na hindi pinapayagan kainin;
- Ang mga hayop na naninila gaya ng mga leyon, mga tigre, mga lawin, at mga agila;
- Ang kinatay bilang pagpapakalapit-loob sa mga bulaang sinasamba gaya ng mga anito.

Ang mga pinapakay ng Shari'ah ay isang kaalamang kabilang sa mga kaalamang Islāmiko, na nalalaman mula rito ang kahatulan ng Shari'ah at ang mga lihim ng Shari'ah, tulad ng kung bakit nagsabatas si Allāh ng mga patakarang ito at kung alang-alang sa ano ang patakarang ito.

Ano ang mga kundisyon ng pagkakatay na pang-Sharī'ah?

Ang pagkakatay na pang-Sharī'ah ay ang pagkatay na tumutugon sa mga sumusunod na kundisyon:

- 1 Na ang tagapagkatay ay isang Muslim o isang Hudyo o isang Kristiyano na nakatatalos at naglalayon ng pagkatay;
- 2 Na ang kasangkapan ay naaangkop para sa pagkatay, nagpapadaloy ng dugo, at nakapuputol dahil sa talas nito gaya ng kutsilyo, at ipinagbabawal naman ang paggamit ng anumang nakapapatay niyon sa pamamagitan ng bigat nito at pagkabangga nito sa ulo ng hayop o sa pamamagitan ng pagsunog nito gaya ng pagkakakuryente;
- 3 Na bumanggit ang tagapagkatay ng pangalan ni Allāh kaya nagsabi siya ng: "Bismi –llāh (Sa ngalan ni Allāh)" sa sandali ng pagpapakilos ng kamay niya para magkatay;
- 4 Ang pagputol sa kinakailangang putulin sa pagkakatay: ang esopago, ang lalamunan, at ang dalawang panleeg na bena – ang dalawang malaking ugat sa leeg – o ang pagputol ng tatlo sa apat na ito.

Ano ang hatol sa pagkain ng mga hayop na pandagat?

Ang mga hayop na pantubig na hindi namumuhay kundi sa tubig ay pinapayagan kainin ang mga patay (hindi nakatay) sa mga ito gaya ng mga isda, mga hipon, at iba pa roon, maging ang mga ito man ay namumuhay sa mga dagat o mga ilog o mga lawa.



Pinapayagan ang pangangaso ng mga hayop na panlupa na hindi naninila at ang pagkain ng mga ito, sa kundisyong may pagbanggit ng pangalan ni Allāh sa sandali ng pangangaso sa mga ito at pagkatay ng mga ito kapag natagpuan ang mga ito na buhay pa.

Ang mga Patakaran sa mga Karne sa mga Restawran at mga Tindahan

- 1 Ang kinatay ng hindi Muslim at hindi Kitābīy (Hudyo o Kristiyano) gaya ng mga Budhista, mga Hindu, at mga Walang-relihiyon, ito ay ipinagbabawal. Napaloloob dito ang natatagpuan sa mga restawran at mga tindahan ng bayan na ang nakararami sa mga naninirahan doon ay kabilang sa hindi mga Muslim o hindi mga Kitābīy.
- 2 Ang kinatay ng Muslim o Kitābīy sa paraang pang-Sharī`ah, ito ay pinapayagan ayon sa teksto ng Qur`ān.
- 3 Ang pinatay ng Muslim o Kitābīy sa isang paraang hindi pang-Sharī`ah gaya ng pagkuryente o paglunod, ito ay ipinagbabawal.
- 4 Ang batayang panuntunan ay ang pagpayag sa [pagkain ng] katay ng Kitābīy at ng natatagpuan na mga katay sa mga restawran nila at mga tindahan nila kalakip ng pagsisikap sa pagsambit ng bismillāh sa sandali ng pagkain. Ang higit na marapat para sa Muslim ay na hindi siya kumain maliban ng napatotohanan sa pagiging kabilang sa mga karne ng pinahihintulutan [na hayop] na pinapayagan [na kainin].

Makipagtalakayan ka!



Magrepaso ka kasama ng mga kaklase mo ng ilan sa mga website sa network ng internet, na makatutulong sa iyo sa pagtamo ng mga pinapayagang pagkain sa bayan mo.



Nagkakaiba-iba ang mga patakaran sa mga kinatay na hayop na itinitinda sa mga tindahan at mga restawran alinsunod sa relihiyon ng nagsagawa ng pagkatay sa mga ito.



Mga Tanong Pampagsusuri

1

Magnilay-nilay ka sa mga pagkain at mga inumin na ipinagbabawal, pagkatapos mag-isip ka kaugnay sa mga kasanhian na hiniling ng pagbabawal sa mga ito.

2

Kapag nagkatay ang Hudyo o ang Kristiyano ng hayop, tunay na pinapayagan ang pagkain niyon kahit pa man hindi siya bumanggit ng pangalan ni Allāh doon.

☐ Tumpak ☐ Mali

Hindi pinapayagan ang pagkain ng hayop na namatay sa pamamagitan ng pagkakakuryente.

☐ Tumpak ☐ Mali



Ang Ikatlong Aralin

Ang mga Transaksiyong Pampananalapi

Pauna

Bahagi ng kadakilaan ng Relihiyong Islām na ito ay nakasasaklaw sa lahat ng mga dako ng buhay ng tao. Kabilang doon ang pagmamalasakit nito sa pagregula ng mga transaksiyon ng mga tao sa pagitan nila, ang pangangalaga sa mga karapatan nila, at ang pagpigil sa pagkaganap ng kawalang-katarungan sa alinman sa kanila. Kabilang sa mga kinakailangan ng pagmamalasakit na ito ang pagsasakalakaran ng mga batas at mga panuntunan na namamahala sa mga transaksiyong pampananalapi sa pagitan nila. Sa araling ito, mapag-aalaman natin ang isang kalipunan ng mga patakaran ng mga transaksiyong pampananalapi at mga kadahilanan ng pagbabawal sa ilan sa mga iyon.

Ano ang mga transaksiyong pampananalapi?

Ang mga transaksiyong pampananalapi ay ang mga transaksiyon na isinasagawa rito ang pagpapalitan ng mga ari-arian, maging ito man ay kapalit ng isa pang ari-arian gaya ng sa pagtitinda o kapalit ng isang kapakinabangan gaya ng sa pagpapaupa o walang kapalit gaya ng sa regalo.

Ang Batayang Panuntunan sa mga Transaksiyong Pampananalapi:

Ang batayang panuntunan sa mga transaksiyong pampananalapi ay ang pagpayag. Kaya naman hindi ipinagbabawal ang anuman mula sa mga ito maliban sa nasaad sa Marangal na Qur'an o Pampropetang Sunnah ang pagbabawal niyon.

Ang batayang panuntunan sa mga transaksiyon – at kabilang sa mga ito ang mga transaksiyong pampananalapi – ay ang pagpayag. Kaya naman walang pagbabawal malibang may patunay, na kabaliktaran naman ng mga pagsamba sapagkat ang batayang panuntunan sa mga ito ay na ang mga ito ay tawqifiyah (nakabatay sa mga teksto), kaya naman hindi pinapayagan ang isang pagsamba malibang may patunay.


Ang mga Transaksiyong Pampananalaping Ipinagbabawal:

Nagbawal si Allāh (kamahal-mahalan Siya at kapita-pitagan) ng ilan sa mga transaksiyong pampananalapi, na kabilang sa mga ito ang sumusunod:

- Ang pagkuha ng mga ari-arian ng mga tao nang walang anumang karapatan gaya ng pagkuha ng mga ito sa pamamagitan ng isang panlalamang o isang pandarambong;
- Ang pagpilit sa isa sa mga nakikipagtransaksiyon sa isang transaksiyong hindi niya ninanais ang magsagawa nito;
- Ang pagnenegosyo ng mga materyal na nakapipinsala sa kalusugan ng tao gaya ng alak, mga droga, tabako, at iba pa roon;
- Ang ribā (patubo o interes), na pagpapautang ng pera nang may kundisyon ng pagsasauli nito kalakip ng karagdagang porsiyento sa perang inutang gaya ng karagdagang 5%, halimbawa;
- Ang pagtitinda ng bagay na di-alam na hindi nalalaman kung ano ito, gaya ng pagtitinda ng isang kahon na hindi nalalaman ang nasa loob nito;
- Ang pagpusta at ang mga pakikipagsapalaran na kumukuha sa mga ito ang nanalo ng pera ng natalo nang walang anumang karapatan.

Ang mga Kadahilanan ng Pagbabawal ng Transaksiyong Pampananalapi

Ang mga pangunahing kadahilanan na humihiling ng pagbabawal sa isang transaksiyong pampananalapi ay ang sumusunod:



Makipagtalakayan ka!



Sa lilim ng dami ng mga transaksiyong pampananalapi na isinasagawa ng Muslim sa buhay niya, papaano para sa kanya na makapansin sa ipinahihintulot sa mga ito at ipinagbabawal ito?



Pagsasanay

Maglagay ng bawat parirala mula sa mga sumusunod na parirala sa naaangkop na lagayan nito alinsunod sa pagkakaugnay nito:

Ang pagtitinda ng mga alak

Ang panunuhol

Ang pagbili ng mga damit sa internet

Ang pagnenegosyo ng mga materyal na nakapipinsala

Ang pagpapautang sa isang tao ng isang halaga sa kundisyon na ibalik niya ito nang may karagdagang 10%

Ang pagtitinda ng tubig na nalinom

Ang mga patimpalak na nagbabayad ang mga ng pera at kinukuha naman ito ng nagwagi

Transaksiyong Pampananalaping
Pinapayagan

Transaksiyong Pampananalaping
Ipinagbabawal



Ang ribā (patubo o interes) ay kabilang sa pinakamatindi sa mga transaksiyong pampananalapi na ipinagbabawal ng Islām dahil sa dulot nito na pamiminsala. Ibinibilang ito na kabilang sa malalaki sa mga pagkakasala na nagbanta si Allāh sa nakikipagtransaksiyon dito ng matinding kaparusahan.



Mga Tanong Pampagsusuri

1

Magnilay-nilay ka sa mga transaksiyong pampananalaping ipinagbabawal, pagkatapos mag-isip ka kaugnay sa mga kasanhian na hiniling ng pagbabawal sa mga ito.

.....

.....

.....

.....

.....

.....

.....

2

Pinapayagan ang pagpusta sa kundisyong may pagkalugod ng dalawang panig.

☐ Tumpak ☐ Mali

Pinapayagan para sa Muslim na mangutang nang may ribā kapag siya ay naging nangangailangan niyon.

☐ Tumpak ☐ Mali



Ang Ikaapat na Aralin

Ang mga Kaasalan

Pauna

Nag-udyok ang Islām sa mga tagasunod nito ng pagtataglay ng mga kaasalang maganda. Nagturo nga ang Sugo (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) ng kahalagahan ng mga kaasalan sa marami sa mga ḥadīth na pampropeta. Nagpaugnay siya sa pagitan ng marami sa mga pagsamba na isinasagawa ng Muslim at ng kagandahan ng kaasalan. Ang Muslim na may mga kaasalang kapuri-puri ay pinangangakuan ng mga dakilang pabuya sa Mundo at Kabilang-buhay. Sa araling ito, mapag-aalaman natin ang kahalagahan ng mga kaasalan sa Islām kalakip ng paglilinaw sa ilan sa mga kainaman ng mga ito.

Ang mga Kaasalan sa Islām

- Ang mga kaasalang maganda ay may dakilang katayuan sa Islām sapagkat ang mga ito ay isang mahalagang pinapakay kabilang sa mga pinapakay ng Sharī'ah na Islāmiko at isang layon kabilang sa mga layon ng pagpapadala sa Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan).
- Ang mga kaasalan ay may pagkakaugnay na mahigpit sa pananampalataya sapagkat ang pinakalubos sa mga mananampalataya sa pananampalataya ay ang pinakamaganda sa kanila sa mga kaasalan.
- Pinabubayaan ang Muslim sa kagandahan ng kaasalan niya kung paanong pinabubayaan siya sa ṣalāh at pag-aayuno.

Makipagtalakayan ka!



Papaano nararapat na maging ang mga kaasalan ng Muslim sa mga ibang tao? Ang mga kaasalang ito ba ay may epekto sa paghatol nila sa Islām?

Ang Kainaman ng Kagandahan ng Kaasalan:

- Nagpabatid ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) na ang pinakamadalas na magpapapasok sa mga tao sa Paraiso ang pangingilag magkasala kay Allāh at ang kagandahan ng kaasalan.
- Nagpabatid ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) na ang pinakamabigat na ilalagay sa timbangang ng tao sa Araw ng Pagbangon mula sa mga magandang gawa ay ang kagandahan ng asal.
- Nagpabatid ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) na ang pinakamalapit sa mga mananampalataya sa kanya sa katayuan sa Araw ng Pagbangon ay ang pinakamaganda sa kanila sa mga kaasalan.

Ang Timbangan ng Tao. Mangyayari iyon sa Araw ng Pagbangon kapag isasagawa ang pagtitimbang ng mga magandang gawa ng tao at ng mga masagwang gawa niya sa isang timbangang itinangi na walang nakaaalam na isa man sa anyo nito at laki nito. Kaya naman ang sinumang bumigat ang panimbang ng mga magandang gawa niya ay papasok sa Paraiso at ang sinumang bumigat ang panimbang ng mga masagwang gawa niya ay papasok sa Impiyerno.



Pagsasanay

Maglagay ng bawat parirala mula sa mga sumusunod na parirala sa naaangkop na lagayan nito alinsunod sa pagkakaugnay nito:

Ang kataimtiman

Ang pagngiti sa harap ng Muslim

Ang pag-alis ng nakasakit sa daanan

Ang katapatan

Ang pag-asa

Ang pag-alalay sa mga iba

Ang pakikipagtulungan sa kabutihan

Kabilang sa mga magandang kaasalan:

Kabilang sa mga pagsambang pampuso:

Ang mga Larangan ng mga Kaasalan sa Islām

Ang mga kaasalan sa Islām ay hindi may isang larangan lamang; bagkus ang mga ito ay may sarisaring larangan. Ang mga ito ay:

- Ang mga kaasalan kay Allāh (kamahal-mahalan Siya at kapita-pitagan) gaya ng pangingilag magkasala kay Allāh at pagpapakawagas sa Kanya;
- Ang mga kaasalan sa Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) gaya ng pag-ibig sa kanya, paggalang sa kanya, pagpapagandang-asal sa pagsasalita tungkol sa kanya, at pagdalangin ng basbas sa kanya sa sandali ng pagkabanggit sa kanya;
- Ang mga kaasalan sa Shari`ah gaya ng pagtanggap sa mga hatol ng Batas at paggalang sa mga ito;
- Ang mga kaasalan sa sarili gaya ng kalumayan sa pagdadala rito sa pagtalima at katatagan sa pagsaway rito laban sa katamaran;
- Ang mga kaasalan sa mga ibang tao gaya ng katapatan at pagkamapagkakatiwalaan;
- Ang mga kaasalan sa mga hayop gaya ng pag-aaruga at hindi pananakit sa mga ito at pagpapahirap sa mga ito;
- Ang mga kaasalan sa kapaligiran gaya ng pangangalaga rito laban sa katiwalian, pagtatanim ng mga punung-kahoy, at hindi pagsasayang sa mga yaman nito.

Karagdagang
Pagbabasa



Upang mapag-alaman mo ang higit na marami sa mga kaasalan ng Islām, mga kainaman nito, at epekto ng mga iyon sa Sangkatauhan, basahin mo ang aklat na **Al-Islām Dīn As-Salām (Ang Islām, Relihiyon ng Kapayapaan)** na matatagpuan Osoul Store sa ilang wikang pandaigdigan.



Mag-scan ka sa barcode para sa pag-download ng aklat.



Hindi nalilimitahan ang mga kaasalan sa Islām sa pakikitungo sa mga tao; bagkus lumalawig ang mga ito upang sumaklaw sa pakikitungo sa hayop at kapaligiran.



Mga Tanong Pampagsusuri

1

Sa pamamagitan ng panonood mo ng video clip na ito: “The Beauties of Islām” maglarawan ka ng naabot ng pagtugon ng Islām sa pangangailangang espirituwal at pangkaasalan ng tao.



Mag-scan ka sa
barcode para
mapanood ang
video.

2

Bumanggit ka ng isang ḥadīth na pampropeta na nagpapatunay sa kainaman ng magandang kaasalan.

3

Nalilimitahan ang mga kaasalan sa Islām sa pakikitungo sa mga tao.

☐

Tumpak

☐

Mali

Pagsusuring Pansarili

	Ang Layong Pampagtuturo	Antas ng Paghahalaga			
		Hindi	Mahina	Magaling	Mahusay
1	Nakakaya mo ba na ipaliwanag kung ano ang batayang panuntunan sa kasuutan?				
2	Napag-alaman mo ba ang mga kasuutang ipinagbabawal?				
3	Napag-alaman mo ba kung ano ang batayang panuntunan sa mga pagkain at mga inumin?				
4	Napag-alaman mo ba ang mga pagkaing ipinagbabawal?				
5	Napag-alaman mo ba ang mga inuming ipinagbabawal?				
6	Natutuhan mo ba ang batayang panuntunan sa mga transaksyong pampananalapi?				
7	Napag-alaman mo ba ang mga transaksyong pampananalaping ipinagbabawal?				
8	Nararamdaman mo ba ang kaginhawahan ng Relihiyong Islām at ang kaluwagan nito?				

Ang Wakas

Sa pagwawakas, nagtatagubilin kami sa bagong Muslim ng mga sumusunod na tagubilin:

- Ang pagsisigasig sa pagkatuto ng kinakailangan niya mula sa mga nauukol sa Relihiyon niya at na maghanap siya kaugnay roon ng mga mapagkakatiwalaang pinagkukunan, maging ang mga ito man ay mga maalam o mga tagapag-anyaya o mga aklat at mga sanggunian o mga materyal na napakikinggan o napanonood.
- Ang paggawa ayon sa kaalaman sapagkat kinakailangan sa Muslim na gumawa ayon sa natutuhan niya mula sa kaalamang napakikinabangan.
- Ang pagdahan-dahan sa pag-alam at paggawa sapagkat ang pagtamo ng kaalaman, ang pagsasaasal ng mga kaasalang maganda, at ang pagsasagawa ng mga pagsamba ay hindi makakaya ng tao na makamit sa iisang pagkuha at natatamo lamang nang paisa-isa.
- Ang pagpapakalayo sa bawat nakaaapekto nang negatibo sa pananampalataya, maging ito man ay mga maling akala o mga pagnanasa.
- Ang pagpapatuloy sa paghahanap ng kapatnubayan tungo sa katotohanan mula kay Allāh (napakataas Siya) at pagbubukod ng katotohanan sa kabulaanan.
- Ang mga patakarang pang-Islām ay nauugnay sa kakayahan, kaya naman nagsasagawa ang Muslim mula sa mga ito ng nakakaya niya nang hindi nag-aatang sa sarili niya ng hindi niya nakakaya.
- Ang pagsisigasig sa pakikipagsamahan sa mga maayos na Muslim na dumadagdag sa kanya ng pananampalataya at kaayusan at pagpapakalayo sa pakikisama sa iba pa sa mga iyon na kabilang sa mga kampon ng mga pagnanasa at mga maling akala.

Katapusang Pagsusulit

Ang Pangalan

Ang Katapusang
Grado:

/40
grado

A. Piliin mo ang tumpak na sagot mula sa sumusunod:

15 grado

1

Naglagay si Allāh sa tao ng isang pagkakahawig sa:

☐

Mga anghel

☐

Mga demonyo

☐

Mga hayop

☐

Lahat ng naunang nabanggit

2

Ang pinag-ugatan ng materyal ng paglikha sa tao ay mula sa:

☐

Tubig

☐

Putik

☐

Apoy

☐

Bato

3

Kumikilala ang Islām na ang Sangkatauhan ay nagbuhat mula sa hinango sa ama nito na:

☐

si Abraham

☐

si Jesus

☐

si Adan

☐

si Muḥammad

4

Kapag namatay ang tao, lilipat siya sa yugto ng:

☐

Paggawa at pagsusulit

☐

Pagganti at pagtutuos

☐

Kawalan at pagkalipol

☐

Lahat ng naunang nabanggit

5

Hindi tumatanggap si Allāh mula sa tao, matapos ng pagkapadala kay Muḥammad (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan), maliban sa nag-iisang relihiyon. Ito ay:

☐

Ang Hudaismo

☐

Ang Kristiyanismo

☐

Ang Islām

☐

Ang Hinduismo

6

Ang bilang ng mga haligi ng Islām ay:

☐

3

☐

4

☐

5

☐

6

7

Nagpabatid si Allāh (kamahal-mahalan Siya at kapita-pitagan) sa Qur'ān na Siya ay nagpapatawad ng lahat ng mga pagkakasala, kapag niloob Niya, maliban sa:

☐

Pagpatay

☐

Pagnanakaw

☐

Shirk

☐

Pagsisinungaling

8

Ang bawat titik na binibigkas ng Muslim mula sa Aklat ni Allāh, tunay na magkakaroon siya dahil dito ng:

☐

Isang magandang gawa

☐

Dalawang magandang gawa

☐

Pitong magandang gawa

☐

Sampung magandang gawa

9

Kabilang sa mga pangalan ng Marangal na Qur'ān:

☐

Ang Dhikr (Paalaala)

☐

Ang Furqān (Pamantayan)

☐

Ang Kitāb (Aklat)

☐

Ang lahat ng naunang nabanggit

10

Ang kahulugan ng «kapantay» sa sabi ni Allāh (Qur'ān 112:4): {Hindi nagkaroon sa Kanya ng isang kapantay na isa man.} ay:

☐

Lubos

☐

Sinasamba

☐

Nakikitulad

☐

Nag-iisa

11

Ang kahulugan ng «bukang-liwayway» sa sabi ni Allāh (Qur'ān 113:1): {Sabihin mo: «Nagpapakupkop ako sa Panginoon ng buwang-liwayway» ay:

☐

Pagkapusikit ng gabi

☐

Paglitaw ng buwan

☐

Pagliwayway ng umaga

☐

Pagkiling ng araw

12

Ang kahulugan ng «Nagpapakupkop ako» sa sabi ni Allāh (Qur'ān 114:1): {Sabihin mo: «Nagpapakupkop ako sa Panginoon ng mga tao,} ay:

☐

Dumudulog ako at nagpapasanggalang ako

☐

Sumasamba ako at nagpapakalapit-loob ako

☐

Nagbubunyi ako at umaalaala ako

☐

Nagpapasakop ako at sumusuko ako

13

Ang kahulugan ng «tagapasaring na palaurong» sa sabi ni Allāh (Qur'ān 114:4): {laban sa kasamaan ng tagapasaring na palaurong,} ay:

☐

Ang manggagaway

☐

Ang naiinggit

☐

Ang demonyo

☐

Ang tagatangging-sumampalataya

14

Ang kahulugan ng «nasusuklam sa iyo» sa sabi ni Allāh (Qur'ān 108:3): {**Tunay na ang nasusuklam sa iyo ay siya ang lagot.**} ay:



Ang namumuhi sa iyo



Ang umiibig sa iyo



Ang sumasampalataya sa iyo



Ang tumututol sa iyo

15

Kabilang sa mga pagsambang pangkatawan:



Ang pag-ibig



Ang pag-aasam



Ang ṣalāh



Ang lahat ng naunang nabanggit

B. Uri-uriin mo ang mga sumusunod na salita alinsunod sa tumpak na mga kalipunan ng mga ito:

8 grado

Ang ṭawāf

Ang ṣalāh

Ang pagkain

Ang pagharap sa qiblah

Ang paglabas ng ihi

Ang pagtatakip ng 'awrah

Ang pag-inom

Ang pagkatulog

Ang mga Tagapag-obliga ng Wuḍū':

Ang mga Kundisyon ng Ṣalāh:

Ang mga Tagapawalang-bisa ng Ṭahārah:

Ang mga Tagasira ng Pag-aayuno:

C. Isaayos mo ang mga sumusunod na gawain ng wuḍū' nang nagsisimula sa una sa mga ito:

6 grado

Ang pagpahid ng ulo

Ang paghuhugas ng mga kamay hanggang sa mga siko

Ang paghuhugas ng mukha

Ang paghuhugas ng mga paa

Ang pagpahid sa mga tainga

Ang pagmumumog at ang pagsinghot at pagsinga

1

2

3

4

5

6

D. Isaayos mo ang mga sumusunod na gawain ng ṣalāh nang nagsisimula sa una sa mga ito:

6 grado

Ang pagbigkas ng Al-Fātiḥah

Ang pagyukod

Ang takbīr ng pagpapasimula ng ṣalāh

Ang salām

Ang pagbigkas ng taḥiyāt (mga pagbati)

Ang pagpapatirapa

1

2

3

4

5

6

E. Maglagay ng tanda na “tumpak” sa harapan ng tumpak na parirala at ng tanda na “mali” sa harapan ng maling pararila mula sa sumusunod:

5 grado

1. Nagsasagawa ng mga Muslim ng pagsamba na ḥajj sa pinagpalang buwan ng Ramaḍān.

☐

2. Ipinagbabawal ang pagsusuot ng ginto sa kalalakihan ng mga Muslim.

☐

3. Pinapayagan para sa mga Muslim na kumain ng karne ng baboy.

☐

4. Ang batayang panuntunan sa mga transaksyong pampananalapi ay ang pagpapahintulot at ang pagpayag.

☐

5. Ang pinakamalapit sa mga mananampalataya sa katayuan mula sa Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) sa Araw ng Pagbangon ay ang pinakamaganda sa kanila sa mga kaasalan.

☐

Inihahandog sa iyo ang kurikulum na ito:

1. Bilang pinaigsing pagpapaliwanag hinggil sa Relihiyong Islām at pinakaprominente sa mga malaking paksa nito.
2. Bilang pangkalahatang pagtingin sa Marangal na Qur'ān at bilang pagpapakahulugan sa mga kahulugan ng ilan sa mga maikling kabanata ng Qur'ān.
3. Bilang pinaigsing pagpapaliwanag sa mga patakaran ng mga kinakailangang pagsamba.
4. Bilang pinaigsing pagpapaliwanag sa pinakaprominente sa mga patakaran ng mga transaksyon, mga kaugalian, at mga kaasalan sa Islām.

Hinati nga ang mga yunit nito alinsunod sa isang planong pang-edukasyon at ibinahagi rito ang mga aralin ng bawat yunit sa habang anim na araw, kalakip ng paglilimita sa yugto ng bawat aralin. Inilabas din ang kurikulum sa paraang pampagtuturo na naglalaman ng isang bilang ng mga aktibidad at mga pagsasanay na nakatutulong sa bagong Muslim sa pagsasaulo ng impormasyon at pag-intindi nito, karagdagan pa sa mga tanong pampagsusuri sa katapusan ng bawat yunit na pampagtuturo upang makaya ng mag-aaral na mataya ang nibel ng pagkaintindi niya sa kurikulum. Naglaman ang kurikulum ng isang bilang ng mga ilustrasyon, na ninanais mula sa mga ito na lumahok sa pagpapahusay sa gawaing pampagtuturo para sa bagong Muslim at pagtulong sa kanya sa pag-intindi ng kurikulum.



osoulcenter



www.osoulcontent.org.sa

Para Mai-download ang Aklat at ang mga
Iba pang Aklat sa Ilang Wika



OSOUL
STORE

osoulstore.com

